DEPED TAMBAYAN
http://richardrrr.blogspot.com/

1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share.

# 4

# Araling Panlipunan

## Kagamitan ng Mag-aaral

## Yunit II

DEPED COPY

Ang aklat sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at/o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon 2015**
**ISBN: ___________**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

**Kalihim:** Br. Armin A. Luistro FSC
**Pangalawang Kalihim:** Dina S. Ocampo, PhD
**Direktor IV:** Marilyn D. Dimaano, EdD
**Direktor III:** Marilette R. Almayda, Phd

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

| | |
|---|---|
| **Konsultant:** | Florisa B. Simeon |
| **Tagasuri at Editor:** | Aurea Jean A. Abad |
| **Mga Manunulat:** | Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos<br>Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval |
| **Illustrator:** | Peter D. Peraren |
| **Layout Artist/Designer:** | Florian F. Cauntay, Belinda A. Baluca |
| **Punong Tagapangasiwa:** | Anna Lourdes Abad-Falcon |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________**
**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 5th Floor, Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

# Paunang Salita

Sa pag-iral ng programang K–12, maraming mahahalagang pagbabago sa nilalaman at pamantayan sa pagkatuto sa Baitang 4. Pangunahin dito ang masusing pag-aaral tungkol sa bansang Pilipinas, na siyang pangkalahatang pokus ng baitang na ito.

Ang aklat na ito ay nahahati sa apat na yunit. Bawat yunit ay binubuo sa di kukulangin sa sampung aralin. Kabilang sa unang yunit ang tungkol sa sariling bansa na kinapapalooban ng mga aralin hinggil sa kinalalagyan ng Pilipinas, mga uri ng hayop at halamang naririto, at maging ang populasyon ng Pilipinas.

Nasa ikalawang yunit naman ang mga aralin na tumatalakay sa lipunan, kultura at ekonomiya ng bansa. Kalakip sa mga aralin dito ang mga produkto at hanapbuhay sa bansa, pangangasiwa sa mga likas na yaman ng bansa, pagsulong at pagpapaunlad ng kultura ng bansa, at likas kayang pag-unlad.

Nasa ikatlong yunit ang kaparaanan ng pamamahala sa bansa na magbibigay-alam sa mag-aaral hinggil sa pamahalaan ng Pilipinas, mga namumuno rito, at mga programang ipinatutupad para sa ikagagaling ng mga mamamayan.

Sa huling yunit ay ang pagtalakay sa pag-unlad ng bansa na kinapapalooban ng mga karapatan at tungkulin ng bawat isa at mga gawaing pansibiko na bahagi ng pakikipagtulungan ng mamamayan sa pamahalaan at kapuwa mamamayan.

Maliban sa talakayan, ang bawat aralin ay may mga gawain na higit na magpapaunlad sa kaalaman ng mga mag-aaral at upang gawing kasiya-siya ang pagtalakay sa aralin. May mga pagsusulit din sa katapusan ng bawat aralin upang mapagtibay ang natutunan ng mga mag-aaral.

Inaasahang sa pamamagitan ng aklat na ito ay malinang sa mga mag-aaral ang pagmamahal at pagmamalasakit di lamang sa lipunang Pilipino kundi gayundin sa kapuwa mamamayan nito.

**Mga May-akda**

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Pasasalamat

Lubos na pasasalamat ang ipinararating sa lahat ng nag-ambag ng kanilang panahon at talento upang masulat at mabuo ang aklat na ito sa Araling Panlipunan para sa ikaapat na baitang.

Gayundin ang pasasalamat sa mga nag-review at nag-edit sa nilalaman ng aklat at nag-ayos sa kabuuang materyal upang mabuo ang aklat.

Sa mga konsultant, editor, layout artist, illustrator, ang aming pagpupugay sa inyong taos-pusong paggawa.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**YUNIT II LIPUNAN, KULTURA AT EKONOMIYA NG AKING BANSA.................... 115**

Aralin 1 Pag-uugnay ng Kapaligiran at Uri ng Hanapbuhay........................................ 116
2 Mga Produkto at Kalakal sa Iba't Ibang Lokasyon ng Bansa.................................. 120
3 Mga Pakinabang na Pang-ekonomiko ng mga Likas na Yaman.......................... 127
4 Mga Isyung Pangkapaligiran ng Bansa.................................................. 132
5 Matalino at Di-Matalinong Paraan ng Pangangasiwa ng mga Likas na Yaman ................................................ 136
6 Kaugnayan ng Matalinong Pangangasiwa ng mga Likas na Yaman sa Pag-unlad ng Bansa.................................................. 140
7 Pananagutan sa Pangangasiwa at Pangangalaga ng Pinagkukunang-Yaman ng Bansa....................................... 145
8 Mga Mungkahing Paraan ng Wastong Pangangasiwa ng Likas na Yaman ng Bansa.................................................. 153
9 Pagtangkilik sa Sariling Produkto para sa Pag-unlad at Pagsulong ng Bansa.................................................. 159
10 Hamon at Oportunidad sa mga Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa........................ 164
11 Likas Kayang Pag-unlad.......................... 171
12 Kulturang Pilipino.................................... 177

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

13 Mga Pamanang Pook ................................ 192
14 Pagsulong at Pag-unlad ng Kultura ......... 197
15 Ang Kultura at Pagbubuo ng Pagkakakilanlang Pilipino .................. 204
16 Ugnayan ng Heograpiya, Kultura at Kabuhayan sa Pagkakakilanlang Pilipino .................................................... 211
17 Pambansang Awit at Watawat bilang mga Sagisag ng Bansa .................. 215
18 Pagpapahalaga at Pagmamalaki sa Kulturang Pilipino ................................ 222

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Yunit II
# Lipunan, Kultura at Ekonomiya ng Aking Bansa





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 1 Pag-uugnay ng Kapaligiran at Uri ng Hanapbuhay


## PANIMULA


Sa nakaraang mga aralin, nakilala mo ang bansang Pilipinas ayon sa kinalalagyan at katangiang pisikal nito. Natutunan mo rin ang tungkol sa mga likas na yaman, magagandang tanawin, at ang kahalagahan ng mga katangiang pisikal ng bansa. Upang mapalalim pa ang iyong pag-unawa tungkol sa bansang Pilipinas, mahalagang alam mo ang mga impormasyon ukol sa gawaing pangkabuhayan sa iba-ibang lokasyon ng bansa.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga uri ng kapaligiran
2. Maipaliliwanag mo ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng hanapbuhay rito

## ALAMIN MO




DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ano ang masasabi mo sa usapan ng dalawang bata? Ikaw, saan ka nakatira? Anong hanapbuhay mayroon sa inyong lugar? Bakit ito ang uri ng hanapbuhay sa inyong lugar?

## Kapaligiran

Ang kapaligiran ay ang lahat ng panlabas na mga puwersa, kaganapan, at bagay na gumagalaw sa ibabaw ng mundo. Ang kapaligiran ng isang tao ay binubuo ng lahat ng mga bagay na nakapaligid sa kaniya, tulad ng bahay, gusali, tao, lupa, temperatura, tubig, liwanag, at iba pang buhay at walang buhay na mga bagay. Ang mga bagay na may buhay ay madalas na may interaksiyon sa kanilang kapaligiran. Nagbabago ang mga organismo bilang pagtugon sa mga kalagayan o kundisyon sa kanilang kapaligiran.


http://www.persblog.be/

Ang kapaligiran ay may kinalaman sa gawain ng tao sa isang lugar, lalo't higit sa hanapbuhay o pinagkakakitaan ng mga naninirahan dito. Halimbawa nito ay pag-aalaga ng hayop at pagsasaka na hanapbuhay ng mga taong malapit sa kapatagan. Gayundin ang pangingisda na hanapbuhay naman ng mga taong nakatira malapit sa dagat o katubigan. Pagmimina, pagkakaingin, pagtatanim, at pangangaso naman ang hanapbuhay ng mga taong nakatira sa kabundukan at kagubatan. Ang mga lugar na maraming bato at luwad ay may hanapbuhay na paglililok. Mauunawaan sa mga halimbawang ito na may kaugnayan ang hanapbuhay ng tao sa kaniyang kapaligiran.

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang kaugnayan ng kapaligiran sa hanapbuhay ng mga naninirahan dito? Ipaliwanag.
2. Bakit dapat iangkop ng isang tao ang kaniyang hanapbuhay sa lugar na nais niyang manirahan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## GAWIN MO

### Gawain A

1. Maghati-hati ang klase sa apat na pangkat.
2. Gumawa ng poster na nagpapakita ng hanapbuhay sa iba-ibang kapaligiran.

| | | |
|---|---|---|
| Unang Pangkat | – | kapatagan |
| Ikalawang Pangkat | – | malapit sa katubigan |
| Ikatlong Pangkat | – | kabundukan |
| Ikaapat na Pangkat | – | lungsod |

3. Ipakita sa klase at ipaliwanag ang nasa larawan.

### Gawain B

Punan ang *graphic organizer* upang ipaliwanag ang nabuong poster.

| OO | ← May kaugnayan ba ang kapaligiran sa uri ng hanapbuhay ng tao sa isang lugar? Paano? → | HINDI |
|---|---|---|
| ____________ <br> ____________ <br> ____________ <br> ____________ | | ____________ <br> ____________ <br> ____________ <br> ____________ |

### Gawain C

Basahin ang mga sitwasyon. Tukuyin kung anong uri ng hanapbuhay ang naaayon sa bawat sitwasyon. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. Ang mag-anak na Ilagan ay nakatira sa kapatagan. Marami silang nakahandang pananim para sa darating na tag-araw. Ang lugar nila ay angkop sa ______________.
2. Malapit sa dagat o katubigan ang tirahan ng mag-asawang Ana at Ruben. Karamihan sa kanilang mga kapitbahay ay may mga sariling bangka kaya nagpagawa rin sila ng kanilang sarili. Ang kanilang lugar ay naaangkop sa ______________.
3. Sina Mang Mario at Mang Roman ay naninirahan sa kabundukan. Marami silang pananim na kamote, kamoteng

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

kahoy, mani, at gabi. Ito ang pinagkakakitaan ng kanilang buong mag-anak. Ang lugar nila ay angkop sa _______________.
4. Malawak ang kagubatan sa Palawan. Marami ritong malalaking puno at malalawak na taniman. Dito mabibili ang iba-ibang yari ng muebles na gawa sa magagandang klase ng kahoy. Ang lugar na ito ay angkop sa _______________.
5. Sina Rodel ay nakatira sa Laguna. Siya ay empleyado ng isang pagawaan ng sapatos at ang kaniyang kapatid ay empleyado naman sa pagawaan ng tela. Angkop sa _________________ ang kanilang lugar.



## TANDAAN MO

- Ang uri ng kapaligiran ay may kaugnayan sa uri ng hanapbuhay ng mga tao sa isang lugar.



## NATUTUHAN KO

Isulat sa sagutang papel ang uri ng hanapbuhay na ipinapahiwatig sa bawat sitwasyon.

1. Ang Lungsod ng Baguio ay may malamig na klima. Marami ritong sariwang gulay, prutas, at mga bulaklak. Ang lugar na ito ay angkop sa anong uri ng hanapbuhay?
2. Maraming bagoong at bangus sa lalawigan ng Pangasinan. Marami pang ibang uri ng isda ang nahuhuli sa lugar na ito. Anong hanapbuhay ang naaangkop dito?
3. Malawak ang kapatagang taniman ng palay sa Gitnang Luzon. Ang lugar na ito ay angkop sa anong uri ng hanapbuhay?
4. Ang mga lalawigan ng Bukidnon, Batangas, at Mindoro ay may malawak na pastulan ng hayop tulad ng baka at kambing. Angkop ang lugar na ito sa anong uri ng hanapbuhay?
5. Malawak na bahagi ng Pilipinas ay katubigan. Kung pagyayamanin ito, maraming sariwang isda at mga yamang dagat ang mapapakinabangan. Anong uri ng hanapbuhay ang naaangkop dito?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 2 Mga Produkto at Kalakal sa Iba’t Ibang Lokasyon ng Bansa


## PANIMULA

Natukoy sa nakaraang aralin ang mga uri ng hanapbuhay na naaangkop sa iba-ibang kapaligiran. Natalakay rin ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng hanapbuhay. Iba-ibang produkto o kalakal ang makukuha mula sa iba-ibang uri ng hanapbuhay na ito tulad ng sa pangingisda, paghahabi, pagdadaing, at pagsasaka.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga produkto at kalakal na matatagpuan sa iba-ibang lokasyon ng bansa
2. Maihahambing mo ang mga produkto at kalakal na matatagpuan sa iba-ibang lokasyon ng bansa
3. Mabibigyang-katuwiran mo ang pag-aangkop ng mga tao sa kapaligiran upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan

## ALAMIN MO




DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Mga Produkto sa Pagsasaka

Ang bansang Pilipinas ay sagana sa yamang lupa. Iba't ibang uri ng produkto ang matatagpuan dito tulad ng palay, mais, niyog, pinya, abaka, saging, mangga, tabako, kape, bulak, halamang-ugat, gulay, at iba't ibang uri ng bulaklak.



Ang malawak na taniman ng palay ay matatagpuan sa Gitnang Luzon. Sa Quezon naman matatagpuan ang malawak na niyugan. Taniman ng abaka naman ang matatagpuan sa Kabikulan.

Nangunguna sa pagtatanim ng mais ang Cebu. Ang Tagaytay at Lalawigang Bulubundukin tulad ng Baguio naman ang kilala sa taniman ng mga gulay, mga prutas, at mga bulaklak. Malalawak na taniman ng tubo, saging, at kahel ang makikita sa Negros Occidental. Kape naman ang pangunahing produkto sa Batangas at Mindoro. Ang Bukidnon at Cotabato ang may pinakamalawak na taniman ng pinya.

## Mga Produkto sa Pangingisda

Malawak ang pangisdaan sa bansa. Sariwa at masarap ang mga isdang nahuhuli sa mga karagatan, dagat, look, at ilog ng Pilipinas. Ilan sa mga isdang ito ay bangus, tilapia, alumahan, tambakol, galunggong, at karpa. Marami rin ditong pusit, hipon, sugpo, alimasag, at alimango.



May mga produktong dagat din na ginagawa ng maliliit na industriya tulad ng bagoong, patis, tinapa, at daing. Nakikilala ang mga industriyang gumagawa nito dahil sa tamang lasa at timpla ng mga produkto.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

May mga produkto ring nakukuha sa ilalim ng dagat tulad ng perlas at mga kabibe na ginagawang palamuti. Isa pang produkto na maaaring gawin buhat sa tubig-alat ay asin.

Kilala sa mayaman at malaking pangisdaan sa Pilipinas ang Look ng Maynila, Dagat Visayas, Dagat Samar, Dagat Sulu, Golpo ng Davao, Look ng Naujan sa Oriental Mindoro, Look ng San Miguel sa Camarines Norte, Look ng Coron sa Palawan, Golpo ng Lingayen, Look ng Butuan sa Agusan, at Look ng Estancia sa Iloilo.

## Mga Produkto sa Pagmimina

Mayaman din ang bansa sa mga mineral kaya maramimg Pilipino ang nagtatrabaho o naghahanapbuhay sa minahan. Isa ang Pilipinas sa mga nangunguna sa produksiyon ng tanso, ginto, at *chromite*. May matatagpuan ding minahan ng pilak, petrolyo, apog, at platinum sa bansa.



Ang mga lugar ng Baguio, Camarines Norte, at Davao ay kilala sa mina ng ginto. Ang malalaking minahan ng tanso naman ay matatagpuan sa bulubunduking lalawigan ng Surigao, sa Cebu, Pangasinan, Isabela, at Zamboanga del Sur. Minahan ng pilak naman ang nasa Batangas, *chromite* sa Misamis Oriental, at karbon sa Quezon at pulo ng Batanes. Matatagpuan din sa Palawan at Cebu ang minahan ng petrolyo. May nakukuha ring platinum sa Bulacan at rehiyon ng Caraga; apog sa Rizal, Abra, at Pulo ng Guimaras; bakal sa Samar; uling o karbon sa Antique, Surigao del Sur, at Isabela; at asin sa Pangasinan.

Bukod sa pagsasaka, pagtatanim, pangingisda, at pagmimina, ang mga tao ay nabubuhay rin sa pag-aalaga ng mga hayop at pagtitinda ng mga produktong yari o gawa sa komunidad.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Iba pang mga Produkto at Kalakal

Maliban sa nabanggit na mga produkto mula sa mga yamang lupa, yamang tubig, at yamang mineral, marami pang ibang produktong nakatutulong din sa pamumuhay. Ilan sa mga ito ang hinabing banig ng mga taga-Bisaya at nilalang sumbrerong buntal na gawa sa Lucban, Quezon.



Kilala rin sa masarap na biskotso ang Iloilo. Gayundin ang piyaya ng Bacolod at pinatuyong mangga at matamis na mani ng Cebu.

Ang taga-Mindanao ay hindi rin pahuhuli sa mga produktong kilala sa iba't ibang lugar dito. Isa na rito ang mga kagamitan na yari sa kabibe. Kilala rin sila sa paggawa ng alahas mula sa perlas at sa paghahabi ng tela.




Bukod dito, mayroon ding maliliit na negosyo ng mga produkto at kalakal. Ilan sa mga ito ay ang mga gawang lilok ng mahuhusay na manlililok ng Paete, Laguna at Mountain Province at matitibay na bag at sapatos na kilalang gawa sa Marikina.




Alak tulad ng tuba at lambanog naman ang kilalang produkto ng Quezon at Laguna.

Kung susuriin, ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga produkto at kalakal sa iba-ibang bahagi ng bansa ay naaayon sa kapaligiran. Mula sa kaniyang kapaligiran, pinauunlad ng tao ang mga hilaw na materyal batay sa kaniyang kakayahan at



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.







pangangailangan. Kung kaya, hindi lahat ng tao ay nagsasaka, nangingisda, o nagmimina. Ang iba ay gumagawa ng iba pang mga produkto gaya ng kape buhat sa pagsasaka at daing buhat sa pangingisda. Sa gayon, natutugunan ng tao ang kaniyang mga pangangailangan.

Sagutin ang sumusunod:

1. Anong mga produkto ang matatagpuan sa Gitnang Luzon at Quezon? Bicol? Iloilo? Batangas?
2. Saan matatagpuan ang malalawak na pangisdaan sa bansa?
3. Sa anong mga produkto may pagkakatulad ang lalawigan ng Quezon at ibang bahagi ng Visayas?
4. Ang Pilipinas ay may mga minahan din ng petrolyo. Saang mga lalawigan matatagpuan ang mga ito?
5. Anong magkatulad na produkto mayroon ang Laguna at Baguio?

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## GAWIN MO

### Gawain A

Tukuyin ang mga produkto at kalakal na matatagpuan sa mga lugar na nakatala sa ibaba. Isulat sa notbuk ang sagot sa ikalawang hanay ng tsart.

| Lokasyon | Produkto at Kalakal |
|---|---|
| 1. Misamis Oriental | |
| 2. Bukidnon | |
| 3. Cebu | |
| 4. Camarines Norte | |

### Gawain B

Gamit ang tsart sa itaas, ipaliwanag ang pag-aangkop na ginagawa.

DEPED COPY



## TANDAAN MO

- Ang mga produkto at kalakal na matatagpuan sa iba-ibang lokasyon sa bansa ay nakabatay sa anyo ng kapaligiran at uri ng pamumuhay ng mga tao rito.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## NATUTUHAN KO

I. Iugnay ang produkto sa hanay A sa lalawigang katatagpuan nito sa hanay B. Isulat ang letra ng wastong sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. matitibay na muebles | A. Quezon |
| 2. nililok na kagamitan, gulay | B. Marikina |
| 3. banig at sumbrero | C. Palawan |
| 4. bagoong, isda | D. Baguio |
| 5. bag at sapatos | E. Pangasinan |

II. Alamin ang lalawigan o probinsiya ng iyong mga magulang. Itanong ang mga pangunahing produkto sa kanilang lalawigan. Itanong din kung paano iniaangkop ng mga tao rito ang kanilang kapaligiran sa kanilang mga pangangailangan. Isulat ang impormasyon sa sagutang papel.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


# ARALIN 3 Mga Pakinabang na Pang-ekonomiko ng mga Likas na Yaman

## PANIMULA

Sa nakalipas na aralin, tinalakay ang mga produkto at kalakal sa iba't ibang bahagi ng bansa. Tinalakay rin ang ginagawang pag-aangkop ng tao sa kaniyang kapaligiran upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan. Sa araling ito, tatalakayin naman ang mga pakinabang na pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng bansa.

Kaya, sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang mauunawaan mo ang iba-ibang pakinabang na pang-ekonomiko ng mga likas na yaman ng bansa.

## ALAMIN MO








D-EPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Buuin ang *crossword puzzle* sa ibaba.




***Pababa***

1. Pangunahing produktong pang-agrikultura sa Central Luzon
3. Produktong magagawa mula sa niyog
4. Ipinagmamalaking produkto ng Davao; may kakaibang amoy ngunit mainam ang lasa
5. Yamang namimina at karaniwang ginagawang alahas

***Pahalang***

2. Magandang uri ng bato na namimina sa Romblon
6. Pangunahing produkto ng Quezon na maaaring gawing langis
7. Produktong nahuhuli sa dagat, ilog, o lawa
8. Napakahalagang yaman na nakukuha sa mga punongkahoy sa kagubatan

DEPED COPY

## Pakinabang sa Kalakal at Produkto

Ang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman. Kung kaya, ang Pilipino ay karaniwan nang umaasa rito upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan. Maraming produktong nakukuha sa mga yamang ito. Ang mga ito rin ang nagdudulot ng pag-angat ng antas ng ekonomiya ng bansa.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ano-ano ang kapakinabangang naibibigay ng mga likas na yaman ng bansa tungo sa pag-angat ng ekonomiya?

Kung susuriin, pangunahin nang kapakinabangan sa ating likas na yaman ang mga produktong nakukuha rito. Ang mga isda at iba pang lamang dagat at tubig; mga prutas at gulay at pang-agrikulturang produkto; mga troso; mga mineral, ginto, pilak at tanso; at marami pang iba ay napagkakakitaan natin ng malaking halaga. Ang mga produktong ito ay iniluluwas din sa ibang mga bansa. Nangangahulugan na karagdagang kita ito sa ating kabang-yaman at dagdag na pag-angat ng ating ekonomiya.

## Pakinabang sa Turismo

Bukod sa mga kalakal at produkto, likas na yaman ding maituturing ang maraming lugar at tanawin sa bansa. Malakas itong atraksiyon sa mga turista buhat sa mga karatig-lalawigan at maging sa labas ng bansa. Ilan sa mga atraksiyong ito ang mga dalampasigan, talon, ilog, kabundukan, bulkan, kagubatan, at maging ang ilalim ng dagat. Dinarayo rin ng mga turista ang mga makasaysayang lugar sa bansa. Bunga nito, malaki ang naiaambag ng turismo sa pag-unlad ng ekonomiya.

## Pakinabang sa Enerhiya

Pinagkukunan din ng enerhiya ang likas na yaman ng bansa. Isa itong malaking bagay na nakatutulong sa ating ekonomiya dahil hindi na natin kailangang umangkat pa ng maraming krudo o langis. Pinatatakbo ang mga planta ng kuryente sa pamamagitan ng puwersa ng tubig mula sa talon ng Maria Cristina, lawa ng Caliraya, at lakas ng hangin sa Bangui, Ilocos Norte sa pamamagitan ng *windmill*.

Ilan lamang ang mga ito sa kapakinabangang nakukuha sa ating mga likas na yaman.

Sagutin.

1. Sa anong mga likas na yaman sagana ang ating bansa?
2. Paano nakatutulong ang mga likas na yaman sa pag-angat ng ating kabuhayan?


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.
DEPED COPY

3. Bukod sa mga produkto at kalakal, sa anong mga likas na yaman pa sagana at tanyag ang ating bansa? Magbigay ng halimbawa ng mga ito at kung saan matatagpuan.

## GAWIN MO

### Gawain A

Punan ang tsart ng hinihinging impormasyon. Isulat ang sagot sa notbuk.

| Likas na yaman | Kapakinabangang pang-ekonomiko |
|---|---|
| Hal: Produkto<br>Tuna at iba pang uri ng isda | Pinagkukunan ng ikabubuhay bilang *export*, lokal na konsumo |
| Tanawin:<br>Bulkang Mayon | Turismo |

### Gawain B

Magpangkat ang klase sa dalawang grupo. Magkaroon ng debate hinggil sa paksang: "Alin ang higit na nakatutulong sa pag-angat ng ekonomiya: magagandang impraestruktura at kalakalan o ang masaganang likas na yaman?" Ang isang grupo ang tatalakay sa impraestruktura at kalakalan at ang isa naman sa masaganang likas na yaman.

### Gawain C

- Lumikha ng isang poster na nagpapakita ng pakinabang na pang-ekonomiko mula sa likas na yaman ng bansa.
- Ipaliwanag sa klase ang kahulugan ng nilikhang poster.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## TANDAAN MO

- Ang mga likas na yaman ay nakapagdudulot ng maraming kapakinabangan sa ating ekonomiya.
- Ilan sa mga pinagmumulan ng kapakinabangang pang-ekonomiko ay ang mga produkto at kalakal mula sa mga likas na yaman, turismo, at kalakalan.

DEPED COPY



## NATUTUHAN KO

Tukuyin at isulat sa sagutang papel ang mga pakinabang na pang-ekonomiko mula sa mga sumusunod:

______ 1. Taniman ng *strawberry* sa Baguio
______ 2. Lungsod ng Tagaytay
______ 3. Puerto Galera
______ 4. marmol
______ 5. Bulkang Mayon
______ 6. ginto, pilak, at tanso
______ 7. Puerto Princesa *Underground River*
______ 8. *tarsier*


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ARALIN 4

# Mga Isyung Pangkapaligiran ng Bansa

## PANIMULA

Maraming isyung maaaring makaapekto sa ating kapaligiran. Ilan sa mga ito ay ang industriyalisasyon, polusyon, iligal na pagputol ng mga puno, at *global warming*.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maiisa-isa mo ang mga isyung pangkapaligiran ng bansa
2. Matatalakay mo ang mga isyung maaaring makaapekto sa ating kapaligiran
3. Mapahahalagahan mo ang pagpapanatili ng malinis na kapaligiran sa bansa

## ALAMIN MO

Bawat pagbabago at pag-unlad ng isang bansa ay may kaakibat na epekto sa kapaligiran. Maaaring ito ay mabuti o masama ayon sa kinalalagyan ng mga pagbabago. Isa sa mga pagbabagong ito ay ang *industriyalisasyon*. Ang industriyalisasyon ay ang malakihang pagpapatayo ng mga industriya, pagtatatag ng kalakalan, at iba pang mga gawaing pang-ekonomiya. Ang industriyalisasyon ay may mabuti at masamang epekto sa kalikasan. Kasabay ng pag-unlad ng mga industriya ay ang pagkakaroon ng pondo para sa mga proyekto sa *reforestation* o muling pagtatanim. Nagkakaroon din tayo ng sapat na lakas-tao na nakatutulong sa mga proyekto para sa kalikasan.

Gayunpaman, may kaakibat ding masamang epekto ang industriyalisasyon. Kasama rito ang *global warming*, pagbaha, pagguho ng lupa, at polusyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Global Warming

Ang *global warming* ay ang pagtaas ng temperatura ng atmospera ng mundo sanhi ng mga *chlorofluorocarbons* na nanggagaling sa mga industriya at maging sa kabahayan. Ang mataas na temperatura ay maaaring magresulta sa *greenhouse effect* o pagkakakulob ng init ng araw na nakaapekto sa kalusugan at maging sa mga pananim.

## Pagbaha at Pagguho ng Lupa

Ang pagbaha at pagguho ng lupa ay bunga ng walang habas na pagpuputol ng malalaking punongkahoy sa kabundukan at kagubatan. Ang patuloy na pagpuputol ng mga puno ay isa sa mga isyung pangkapaligiran sa kasalukuyan na dapat bigyan ng pansin dahil ang pagbaha at pagguho ng lupa ay nagiging sanhi rin ng pagkasira ng mga pananim at ari-arian.



Ang pagbaha at pagguho ng lupa ay epekto rin ng *pagkakaingin* o pagsusunog sa kagubatan para makagawa ng uling, upang pagtamnan ang lupa, o pagtatayuan ng tirahan o komersiyal na gusali.

## Polusyon

Ang *polusyon* ay isa rin sa mga isyung pangkapaligiran na nakaaapekto hindi lamang sa kalusugan ng tao kundi maging sa mga likas na yaman. Ang usok at langis mula sa mga pagawaan at sasakyan ay nakadurumi sa hangin at katubigan na maaaring maging sanhi ng pagkakasakit ng mamamayan.

Ang *climate change* o pag-iiba-iba ng klima ng mundo ay nakaaapekto rin sa bansa dahil sa dala nitong mga epekto gaya ng pagbaha.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano-anong isyung pangkapaligiran ng bansa ang mga nabanggit sa iyong binasa?
2. Paano nagkakaroon ng *global warming*? Ano-ano ang epekto nito sa kapaligiran?
3. Paano maiiwasan ang mga kalagayang nakaaapekto sa ating kapaligiran? Paano ito matutugunan? Ipaliwanag.



## GAWIN MO

### Gawain A

Basahin ang mga suliraning pangkapaligiran. Piliin ang sanhi ng bawat isa sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa notbuk.

| |
|---|
| Walang habas na pagpuputol ng mga puno<br>Kaingin<br>Kawalan ng mga punong sisipsip sa tubig-ulan<br>Pagtatapon ng dumi at langis sa mga katubigan<br>Labis na pagbubuga ng usok at *chlorofluorocarbons* |

1. Pagdumi ng tubig at pagkamatay ng mga yamang tubig
2. Pagkaubos ng mga halamanan at mga hayop sa kagubatan
3. Pagbaha at pagguho ng lupa
4. Pag-init ng atmospera na maaaring sumira sa *ozone layer* o *global warming*
5. Pagkasira ng mga pananim sa kapatagan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

### Gawain B

1. Magpangkat-pangkat.
2. Kopyahin ang tsart at itala rito ang mga isyung pangkapaligiran at epekto ng mga ito sa bansa.
3. Iulat ito sa klase.

| Isyung Pangkapaligiran | Epekto |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

### Gawain C

Bumalik sa inyong mga pangkat. Pumili ng isyung pangkapaligiran at isadula kung paano ito maiiwasan. Gumamit ng *rubric* para dito.



## TANDAAN MO

- Ang mga pagbabago sa ating bansa ay may kaakibat na mga isyung nauukol sa ating kapaligiran.
- Ilan sa mga isyung pangkapaligiran ay ang industriyalisasyon, polusyon, iligal na pagtotroso, at pagkakaingin.



## NATUTUHAN KO

Ipaliwanag ang sumusunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Bilang mag-aaral sa ikaapat na baitang, paano ka makatutulong sa pagbawas o pagpigil sa mga epekto ng *global warming*?
2. Paano mo ibabahagi sa iba ang tungkol sa mga isyung pangkapaligiran at pagtugon sa mga isyung ito?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 5 Matalino at Di-Matalinong Paraan ng Pangangasiwa ng mga Likas na Yaman


## PANIMULA

Ang mga likas na yaman ng bansa ay napakikinabangan di lamang ng kasalukuyang henerasyon kundi maging ng mga susunod pa. Ang mga paraan ng ating pangangasiwa sa mga yamang ito sa kasalukuyan ay magiging batayan ng yamang tatamasahin ng susunod pang salinlahi.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Maipapaliwanag mo ang matalino at di-matalinong paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman ng bansa
2. Maipakikita mo ang tamang saloobin sa wastong paraan ng pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa

## ALAMIN MO




Tungkulin ng bawat Pilipino na pangalagaan ang mga likas na yaman ng bansa. Ang wastong paraan ng paggamit sa mga ito ay kapakinabangan din ng mga mamamayan. Ngunit, ang maling paggamit sa mga ito ay maaaring humantong sa kanilang pagkasira, pagkawasak, o tuluyang pagkawala.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Matalinong Pamaraan ng Pangangasiwa

Ang matalinong paraan ng pangangasiwa sa mga likas na yaman ay makatutulong upang mapanatili ang mga ito at mapakinabangan pa ng mga susunod na salinlahi. Ilan sa maaaring gawin ay ang mga sumusunod:

- Gawin ang hagdang-hagdang pagtatanim upang mabawasan ang pagguho ng lupa.
- Magtanim ng mga puno sa mga bundok at maging sa mga bakanteng lote.
- Magtatag ng mga sentrong kanlungan para sa mababangis na hayop at mga ligaw na halaman.
- Gawin ang *bio-intensive gardening* o paggamit ng organikong paraan sa pagtatanim kahit sa maliit na espasyo o lupa lamang.
- Pagtatatag ng mga sentro o *sanctuary* para sa mga yamang tubig.
- Pagpapanatiling malinis ng lahat ng katubigan – kanal, ilog, at dagat.

Ang tatlong Rs o ang *reduce*, *reuse*, at *recycle* ay makatutulong sa matalinong pangangasiwa ng mga likas na yaman. Ang *reduce* ay ang pagbabawas sa mga basura sa ating paligid. Ang paghihiwalay ng mga nabubulok at di-nabubulok na basura ay makatutulong upang mabawasan ang mga basura at mapakinabangan ang mga ito. *Reuse* naman ang maaaring gawin sa mga bagay na patapon na ngunit maaari pang magamit, kumpunihin, ibigay sa nangangailangan, o ipagbili. *Recycle* naman ang pagbubuo ng mga bagong bagay mula sa mga lumang bagay.

## Di Matalinong Pamaraan ng Pangangasiwa

May mga gawain ding lubhang nakasisira ng kapaligiran gaya ng pagsusunog ng mga plastik; pagtatapon ng basura sa mga ilog at dagat; pagputol ng mga puno; paggamit ng sobrang kemikal sa pananim at sa lupa; paggamit ng dinamita sa pangingisda; pagtagas ng langis sa dagat; at pagtatayo ng mga pabrika, gusali, o pook-alagaan malapit sa mga ilog o dagat. Hangga't maaari ay iwasan ang mga gawaing magdudulot ng

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

pagkasira ng ating paligid at kawalan ng yaman ng susunod na salinlahi.

Ang likas na yaman ay maaring maubos at mawala kung hindi aalagaan at pagyayamanin. Huwag itong abusuhin bagkus maging responsable tayo sa paggamit ng mga ito.

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano-ano ang wastong pamamaraan ng pangangalaga at pangangasiwa ng mga likas na yaman?
2. Ano ang mangyayari kung hindi mapapangasiwaan nang maayos ang mga likas na yaman? Ipaliwanag.
3. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga likas na yaman?

## GAWIN MO

### Gawain A

Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng kaisipan ukol sa matalinong paggamit ng mga likas na yaman, at ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa notbuk.

1. Hagdan-hagdang pagtatanim
2. Pagsusunog ng mga basura
3. Pagmumuling-gubat
4. Pagtatatag ng mga sentrong kanlungan para sa mababangis na hayop at mga ligaw na halaman
5. *Bio-intensive gardening*

### Gawain B

1. Magpangkat-pangkat.
2. Pumili ng paksa na nakasulat sa *speech balloons*.
3. Kopyahin ito sa malinis na papel. Isulat sa tapat ng bawat *speech balloon* ang mga paraan ng matalinong paggamit ng mga likas na yaman upang mapanatili ang mga ito.

Lupang Sakahan/ Yamang Lupa

Yamang Gubat

Yamang Tubig

Yamang Mineral

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain C**

1. Bumalik sa dating pangkat. Gumawa ng diyorama ukol sa matalinong paggamit ng mga likas na yaman at pangangalaga sa kalikasan.
2. Takdang gawain ng bawat pangkat.

| |
|---|
| Pangkat I – lupang sakahan o yamang lupa |
| Pangkat II – yamang gubat |
| Pangkat III – yamang tubig |
| Pangkat IV – yamang mineral |



## TANDAAN MO

- Ang pangangasiwa sa mga likas na yaman ng ating bansa ay nangangailangan ng matalinong pamamaraan.
- Ang matalinong pangangasiwa sa likas na yaman ay makatutulong upang higit na mapanatili at mapakinabangan ang mga ito ng mga susunod pang henerasyon.



## NATUTUHAN KO

1. Hatiin ang klase sa bawat pangkat.
2. Gumawa ng isang patalastas tungkol sa matalinong paraan ng paggamit ng likas na yaman.
3. Sagutin at ipaliwanag ang sumusunod na katanungan:
   a. Ano ang epekto sa mga tao ng matalinong paggamit ng mga likas na yaman?
   b. Ano ang ilan sa mga wastong paraan upang mapangasiwaan nang maayos ang mga likas na yaman ng bansa?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 6 Kaugnayan ng Matalinong Pangangasiwa ng mga Likas na Yaman sa Pag-unlad ng Bansa


## PANIMULA

Ano ang kaugnayan ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa pag-unlad ng bansa? Nangangahulugan ba ito na kung sagana sa likas na yaman ang isang bansa ay maituturing na rin itong mayaman? O kahit kakaunti ang likas na yaman, kung pinangangasiwaan naman ito sa wastong paraan ay maaari na rin itong magdulot ng kasaganaan sa isang bansa?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Masasabi mo ang kaugnayan ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa pag-unlad ng bansa
2. Maipapaliwanag mo ang kahalagahan ng matalinong pangangasiwa ng mga likas na yaman

## ALAMIN MO




DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Pag-aralan ang mga larawan at sagutin ang mga katanungan.




- Ano ang ipinakikita sa bawat larawan?
- May maitutulong ba ang ganitong mga gawain sa pag-unlad ng isang lugar at ng mga mamamayang nakatira dito?

Ang likas na yaman ang pangunahing pinanggagalingan ng ikinabubuhay ng mga tao. Isa ito sa mga salik sa pagkakaroon ng maunlad at masaganang kabuhayan ng isang lugar. Tinutugunan nito ang ilang pangangailangan ng mga mamamayang nakatira dito.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Maraming lugar, lungsod, at lalawigan sa ating bansa ang maunlad dahil sa matalino at wastong pangangasiwa ng kanilang likas na yaman. Isa na rito ang lalawigan ng Palawan na kilala at tampok sa magagandang lugar, masaganang yamang-dagat at gubat, at malinis na kapaligiran. Sa patuloy na pag-unlad ng kanilang lugar, hindi nila hinahayaang masira ang kanilang kabundukan at yamang tubig na dinarayo ng mga turista.

Isa pang halimbawa ay ang maunlad at masaganang Lungsod ng Davao. Ang lugar na ito ang pinagkukunan ng maraming prutas at iba pang produkto na ipinagbibili sa loob at labas ng bansa.

Dahil na rin sa maingat na pangangasiwa ng mga yaman nito kaya dumarami pa ang nagnanais magnegosyo o mag-*invest* dito.

Kaakibat ng pag-unlad ng mga lugar sa bansa, hindi nalilimutan ng mga Pilipino na ingatan ang mga likas na yaman upang mapaunlad ang kalakalan at turismo. Kabilang sa mga pook na ito ay ang Lungsod ng Baguio, Lungsod ng Tagaytay, Lungsod ng Cebu, at Islang Camiguin. Sapagkat turismo ang pangunahing susi nila sa kaunlaran, higit nilang binibigyan ng pansin ang pangangalaga at pagpapanatili sa kalinisan nito.

Sagutin.

1. Ano-anong lugar sa bansa ang binanggit sa talata na nagpapakita ng kaunlaran dahil sa kanilang likas na yaman?
2. Paano pinangangasiwaan ng mga lalawigang ito ang kanilang likas na yaman?
3. Sa palagay mo, ano ang maaaring maging resulta kung hindi maayos ang kanilang pangangasiwa sa kanilang likas na yaman? Ipaliwanag.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## GAWIN MO

### Gawain A

Magpangkat-pangkat. Pumili ng lider at tagatala. Ipakita ang kaugnayan ng matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa pag-unlad ng bansa sa pamamagitan ng sumusunod:

- Pangkat 1 – Poster
- Pangkat 2 – Tula
- Pangkat 3 – Awit
- Pangkat 4 – Dula-dulaan

Pag-usapang mabuti ang nakatakdang gawain. Ipakita at ipaliwanag ang natapos na gawain.

### Gawain B

Bumalik sa inyong pangkat. Gumawa ng sariling islogan na nagpapatibay ng pagkakaugnay ng wastong paggamit ng likas na yaman at pag-unlad ng bansa. Ilagay ito sa isang sangkapat (1/4) na *illustration board*.

### Gawain C

Buuin ang talata upang mabuo ang isang komitment. Gawin ito sa sagutang papel.

> Isang salik ng pag-unlad ng bansa ay ang wastong pangangasiwa ng mga likas na yaman. Kaya, nangangako akong ________________________________________
>
> ________________________________________________
>
> ________________________________________________.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## TANDAAN MO

- Ang likas na yaman ay isang mahalagang salik na nakaaapekto sa pag-unlad ng bansa.
- Malaki ang kaugnayan ng wasto at matalinong paggamit ng mga likas na yaman sa kaunlaran ng bansa.



## NATUTUHAN KO

Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang paggamit sa likas na yaman ay may kaugnayan sa pag-unlad ng bansa at ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Paggamit ng mga organikong pataba sa pananim
2. Pagputol ng malalaking puno upang gamitin sa mga impraestruktura at gusali
3. Pagbawas sa paggamit ng plastik
4. Pagkakaroon ng mga *fish sanctuary* at pangangalaga sa mga bahay-itlugan ng mga isda
5. Pagpapanatili ng kalinisan sa paligid lalo na sa mga lugar na dinarayo ng mga turista
6. Pagpapahintulot sa pagpapatayo ng malalaking kompanya ng minahan
7. Pagtitipid sa enerhiya tulad ng elektrisidad, tubig, at langis o krudo
8. Pagsali sa mga larong pampalakasan
9. Pagtatanim ng mga punongkahoy bilang kapalit sa mga pinutol
10. Pagluluwas ng mga de-kalidad na prutas at gulay sa ibang bansa

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ARALIN 7

# Pananagutan sa Pangangasiwa at Pangangalaga ng Pinagkukunang-Yaman ng Bansa

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, nabatid mo ang kaibahan ng matalino at di-matalinong mga paraan ng pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa. Gayundin ang kaugnayan ng matalinong pangangasiwa ng mga likas na yaman sa pag-unlad ng bansa. Bilang matalinong mamamayan, ang bawat isa ay may mga pananagutan na dapat gampanan upang pangasiwaan at pangalagaan ang mga pinagkukunang-yamang ito.

Nais mo bang mabatid ang mga pananagutan ng ating pamahalaan, paaralan, simbahan, pamilya, at mamamayan sa pangangalaga ng mga likas nating yaman?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang kahulugan ng pananagutan
2. Maiisa-isa mo ang mga pananagutan ng bawat kasapi sa pangangasiwa at pangangalaga ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa
3. Mahihinuha mo na ang bawat kasapi ay may mahalagang bahaging ginagampanan para sa higit na ikauunlad ng bansa

DEPED COPY

## ALAMIN MO

Ang pananagutan ay itinuturing na kasingkahulugan ng mga salitang tungkulin, obligasyon, at responsibilidad. Ang pananagutan ay ang mga dapat gawin ng isang sektor o tao para sa kaniyang sarili at para sa kaniyang bayan.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang ating lipunan ay binubuo ng iba't ibang kasapi, kabilang dito ang mga mamamayan, pamilya, samahang pribado, simbahan, paaralan, at pamahalaan. Ang bawat kasapi ng lipunan ay may bahaging dapat gampanan at may pananagutan upang maiwasan ang tuluyang pagkawasak ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa.

## Mga Pananagutan ng Pamahalaan

Ang pamahalaan bilang isa sa mga pangunahin at mahalagang kasapi ng lipunan ay may pananagutan sa ating mga pinagkukunang-yaman. Ang pamahalaan ay nagtalaga ng ahensiya na siyang nangunguna sa pangangasiwa ng ating kalikasan at kapaligiran. Ito ay ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) o Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman.

Department of Environment and Natural Resources

Gayundin, ang ating pamahalaan ay bumalangkas ng isang malinaw na batas upang maagapan ang ating mga pinagkukunang-yaman mula sa pagkawasak. Mula sa *Artikulo II, Seksyon 16* ng Saligang Batas ng 1987, "Dapat pangalagaan at isulong ng Estado ang karapatan ng sambayanan sa timbang at kanais-nais na ekolohiya na tugma sa kalikasan."

Dahil sa nasasaad na batas sa ating Saligang Batas, napakahalagang magkaroon ng maraming batas na naglalayong panatilihin at proteksiyunan ang mga likas na yaman sa Pilipinas. Ilan sa mga batas ang PD 1219, RA 428, at PD 705.

**Coral Resources Development and Conservation Decree.** (PD 1219/PD 1698) Ang batas na ito ay naglalayong protektahan ang mga yamang koral sa katubigan ng Pilipinas.

**Republic Act 428**. Ito ay isang batas na nagbabawal sa pagbebenta o pagbibili ng isda o ibang yamang-dagat na pinatay sa pamamagitan ng dinamita o paglalason.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**PD 705 o Selective Logging (PD 705)**. Isa sa mga batas sa ilalim ng PD 705 ay ang batas ukol sa *selective logging*, o ang pagpili lamang sa kung anong puno ang maaaring putulin at kung ano ang dapat iwanan.

Upang lalong mapaigting ang kampanya ng pamahalan para sa mga pinagkukunang-yaman, may mga proyektong ipinatutupad ang pamahalaan para sa kalikasan gaya ng *Oplan Sagip Gubat, Sloping Agricultural Land Technology* (SALT), at *Clean and Green Project*.

## Pananagutan ng Paaralan

Nakasaad sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987) *Artikulo XIV*–Edukasyon, Siyensya at Teknolohiya, Sining, Kultura at Isports (Sec. 1) — "Pangangalagaan at itataguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mamamayan sa mataas na uri ng edukasyon sa lahat ng antas at magsasagawa ng mga kaukulang hakbang upang ang nasabing mataas na uri ng edukasyon ay maging bukas para sa lahat."

Bilang sektor na may direktang ugnayan sa mga mamamayan lalo't higit sa mga kabataan, pananagutan ng paaralan na bigyan ng mataas na uri ng edukasyon at kaalaman ang mag-aaral sa lahat ng antas ukol sa mga tamang paraan ng pangangasiwa ng bansa at yaman nito. Tungkulin ng bawat kawani ng sektor ng edukasyon lalo't higit ng mga guro na isama sa kanilang kurikulum at pagtuturo ang pagpapahalaga sa mga yaman ng bansa.

Gayundin, ang mga paaralan ay dapat manguna sa pakikilahok sa mga proyektong inilunsad ng pamahalaan tulad ng proyektong "Ilog Ko, Irog Ko," *Eco Saver* ng DepEd NCR, at "Kabataan Kontra Basura."

## Pananagutan ng Simbahan

Ang simbahan ay samahan ng mga taong may iisang paniniwala. Bilang isang kasapi sa lipunan, ang simbahan ay may pananagutan na manghimok sa kanilang mga kasapi na

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

magkaroon ng mataas na pagpapahalaga sa mga likas na yaman na siya nating pinagkukunan ng yaman. Gayundin, ipakita ang paniniwala sa pamamagitan ng mga kilos, prinsipyo, at mabuting gawa lalo na para sa lahat ng bagay na may buhay gayundin ang pagtatama sa maling gawa ng mga kasapi.

## Pananagutan ng Pribadong Samahan

Ang pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman ay higit na pinalawak sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga pribadong samahan o ahensiya. Isang halimbawa nito ay ang *media* na may pananagutan na maging instrumento sa paglalahad sa mga taong bayan ng lahat ng kaganapan sa paligid at mga posibleng epekto nito sa kabuhayan ng bansa. Pananagutan din nila na maglunsad ng mga programang pantelebisyon o panradyo na maaaring magturo ng iba't ibang paraan ng pangangalaga sa ating mga pinagkukunang-yaman. Maaari ding sa pamamagitan ng mga awitin at dula ay maipabatid sa publiko ang mga mensaheng pangkapaligiran.

## Pananagutan ng Pamilya

Ang pamilya o mag-anak ang tinaguriang pinakamaliit na sangay ng lipunan, subalit may malaking tungkulin para sa bansa. Pananagutan ng bawat pamilya na simulan sa kanilang sariling tahanan ang mga wastong paraan ng pangangalaga sa ating mga yaman. Tungkulin ng mga magulang na hubugin ang mga anak nang may pagpapahalaga sa kalikasan.

## Pananagutan ng Mamamayan

Sa pangangalaga sa mga pinagkukunang-yaman, nararapat na kaagapay at katuwang ang mamamayan sa pagpapanatili ng kapaki-pakinabang na likas na yaman ng bansa. Ang pag-aabuso sa mga likas na yaman ay dapat nang matigil upang mapanatili ang timbang na ekolohiya ng bansa.



DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Bilang mamamayan ng bansa, pananagutan natin na:

- hikayatin ang bawat miyembro ng pamilya na makiisa sa pagpapaunlad at pagliligtas ng kalikasan;
- isabuhay ang anumang natutuhan o nalalaman ukol sa pangangasiwa ng kalikasan at mga pinagkukunang-yaman;
- tumulong upang mabawasan ang polusyon sa hangin, sa lupa, at sa tubig;
- makibahagi sa mga proyekto ng pamayanan o kaya ay bumuo ng samahan ng mga kabataan na tutulong upang mabawasan ang mga suliranin sa kalikasan;
- kausapin ang mga kaibigan upang makiisa sa gawaing pangkalikasan, at
- magkaroon ng sariling disiplina at gawin ang tama para sa ikabubuti ng mundong ating ginagalawan.

Ang pagiging mapanagutan ay nagpapakita ng tunay na pagpapakatao. Habang maaga, simulan natin ang pagtugon at pagtupad sa ating mga pananagutan. Ang hamon ng kalikasan na siya nating pinagkukunan ng yaman ay hindi madali, ngunit dapat tayong kumilos upang tugunan ito bago pa mahuli ang lahat, kaya't sa hamon na ito nitong aralin, tutugon ka ba?


DEPED COPY



## GAWIN MO

### Gawain A

1. Kopyahin ang *bubble map* sa notbuk. Tukuyin ang kahulugan ng salitang *pananagutan*. Ibigay din ang mga salitang kasingkahulugan nito.







All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Kopyahin ang *caterpillar map*. Isulat ang mga pananagutan ng bawat kasapi sa pangangasiwa at pangangalaga ng pinagkukunang-yaman sa *caterpillar map*.


| | | | |
|---|---|---|---|
| a. | pamahalaan | d. | pribadong samahan |
| b. | paaralan | e. | pamilya |
| c. | simbahan | f. | mamamayan |




**Gawain B**

Basahin ang talata. Iguhit sa notbuk ang bangka o *life boat* na iyong sasakyan sa ganitong pagkakataon.

Tayo ang mga halimbawa ng mga pinagkukunan ng yaman ng bansa. Ako si Kabundukan, ikaw si Dagat, at siya si Kapatagan. Nakasakay tayo sa barkong naglalayag sa Dagat Kanlurang Pilipinas. Kasama natin sina Pamahalaan, Paaralan, Simbahan, Pribadong Samahan, Pamilya, at Mamamayan. Maya-maya, biglang may malakas na putok tayong narinig. Unti-unting lumulubog ang ating barko. Sa ganitong pagkakataon, kaninong *life boat* ka sasama?







All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Isulat ang iyong sagot sa notbuk.

1. Bakit ang bangkang iyan ang iyong napiling samahan?
2. Sa iyong palagay, anong kasapi ng lipunan ang may pinakamalaking pananagutan sa pangangasiwa at pangangalaga ng bansa? Bakit?

### Gawain C

Bumuo ng isang *pyramid* gamit ang mga tatsulok sa ibaba. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.




1. Ano ang mensaheng nais ipabatid sa atin ng gawain?
2. Bakit mahalagang gampanan ng lahat ng kasapi ang kani-kanilang pananagutan?



## TANDAAN MO

- Ang pananagutan ay itinuturing na kasingkahulugan ng mga salitang tungkulin, obligasyon, at responsibilidad.
- Ang pananagutan ay ang mga dapat gawin ng isang sektor o tao para sa kaniyang sarili at para sa kaniyang bayan.
- Ang ating lipunan ay binubuo ng iba't ibang kasapi, kabilang dito ang pamahalaan, paaralan, simbahan, pribadong samahan, pamilya, at mamamayan.
- May bahaging ginagampanan ang bawat kasapi ng lipunan upang maiwasan ang tuluyang pagkawasak ng mga likas na yaman ng bansa.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## NATUTUHAN KO

I. Gamit ang mga simbolo, tukuyin kung sino ang gaganap sa sumusunod na pananagutan. Iguhit sa notbuk ang sagot.

 – pamahalaan
 – pamilya
 – paaralan
 – pribadong samahan
 – simbahan
 – mamamayan

___ 1. Hinuhubog ang mga anak sa tamang pangangalaga ng kalikasan.
___ 2. Gumagawa ng mga batas at programa para sa kalikasan.
___ 3. Tinuturuan ang mga mag-aaral ng mga paraan sa wastong pangangasiwa ng mga pinagkukunang-yaman.
___ 4. Magkaroon ng displina sa sarili.
___ 5. Ipabatid sa mga tao ang tunay na kalagayan ng ating kapaligiran.
___ 6. Kausapin ang mga kaibigan upang makiisa sa mga gawaing pangkalikasan.
___ 7. Gumawa ng mga awit at palabas na pangkalikasan.
___ 8. Disiplinahin ang mga anak.
___ 9. Makibahagi sa mga proyekto ng pamayanan.
__ 10. Ipinatutupad ng DENR ang mga tungkulin nito.

II. May ibibigay na babasahin ang guro. Pagkatapos basahin, kopyahin ang T-*chart*. Sagutin: Ano ang mensaheng nais iparating ng Kardinal?

| Panawagan ni Cardinal Antonio Tagle | Mensahe |
|---|---|
| | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ARALIN 8

# Mga Mungkahing Paraan ng Wastong Pangangasiwa ng Likas na Yaman ng Bansa

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang pananagutan ng bawat isa sa pangangasiwa at pangangalaga ng pinagkukunang-yaman ng bansa. Nalinang din ang iyong kakayahan na mabatid na ang bawat mamamayang Pilipino ay may tungkulin at pananagutang pangalagaan ang ating mga pinagkukunang-yaman.


Bilang isang mag-aaral sa ikaapat na baitang, ano ang iyong pananagutan para sa ating mga pinagkukunang-yaman?

Sa araling ito, inaasahang:

1. Makapagbibigay ka ng mga mungkahing paraan ng wastong pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa
2. Matutukoy mo ang mga posibleng bunga ng wasto at hindi wastong pangangasiwa ng mga likas yaman ng bansa
3. Maipakikita mo ang pagmamalaki at pagpapahalaga sa mga wastong paraan ng pangangasiwa ng mga likas na yaman sa pamamagitan ng pagsulat ng pangako sa sarili

DEPED COPY

## ALAMIN MO






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Masagana ang ating bansa sa mga likas na yaman. Mahalaga rin sa tao ang mga likas na yamang ito dahil pinagkukunan ng kabuhayan kaya nararapat na ang mga ito ay pangasiwaan at pangalagaan upang hindi masira at maubos agad.

## Pangangasiwa ng Yamang Lupa

Narito ang ilang paraan ng wastong pangangasiwa ng yamang lupa.

- Magtanim ng mga puno at halaman. Ang mga pinutol na puno ay dapat palitan ng mga bagong punla o tanim.
- Iwasan ang pagkakaingin o pagsusunog ng mga puno sa kagubatan at kabundukan.
- Iwasan ang paggamit ng mga nakasasamang kemikal sa pananim.
- Gumawa ng hukay sa lupa at dito itapon ang mga basurang nabubulok. Ang natunaw na mga basurang ito ay maaari ding gawing pataba sa lupa.
- Huwag saktan, hulihin, o patayin ang mga hayop sa kagubatan at kabundukan lalo na ang mga *endangered species* o mga hayop na malapit nang maubos.
- Huwag sirain ang mga halaman sa paligid.

## Pangangasiwa ng Yamang Tubig

Ang tubig ay mahalaga sa lahat kaya dapat itong pangasiwaan. Kapag walang tubig, maraming buhay rin sa mundo ang mawawala. Ang mga sumusunod ay mga mungkahing paraan ng wastong pangangasiwa sa yamang tubig:

- Huwag gumamit ng dinamita sa pangingisda.
- Iwasan ang pagtatapon ng basura sa mga tubigan.
- Magtayo ng mga *water treatment plant* upang linisin ang maruruming tubig mula sa mga pagawaan, pook-alagaan ng mga hayop, tahanan, at taniman.
- Ipagbawal ang pagtatayo ng tahanan sa ibabaw at tabi ng mga ilog at estero.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Nararapat din na makilahok sa mga proyekto o programa ng pamahalaan para sa kapaligiran at kalikasan, tulad ng programang 3Rs (*reduce, reuse*, at *recycle*). Sundin ang mga batas ukol sa pangangalaga ng kalikasan tulad ng paghiwa-hiwalay ng mga basura.

Bilang mamamayang Pilipino at bilang ambag sa pangangasiwa sa kalikasan at mga likas na yaman, higit na mainam na isaisip na ang kapaligiran ay kaloob ng Maykapal para sa atin. Atin itong ipamana nang nasa maayos na kalagayan. Ito ay isang paraan upang maipakita nating mga Pilipino hindi lamang ang pagmamahal sa bansa, kundi pati ang pagmamalasakit sa daigdig na ating ginagalawan.

Sagutin:

1. Ano-ano ang mungkahing paraan ng pangangasiwa sa mga yamang lupa?
2. Ano-ano ang mungkahing paraan ng pangangasiwa sa mga yamang tubig?


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.
DEPED COPY

## GAWIN MO

### Gawain A

1. Ang guro ay may ipakikita sa inyong *video* na may pamagat na “Awit para sa Kalikasan.” Inaasahan na ikaw ay manonood at makikinig nang mabuti.
2. Gamit ang A-N-NA tsart sa ibaba, sagutin ang mga tanong sa loob ng mga kahon.

| Alam na | Nais Malaman | Nalaman |
|---|---|---|
| Ano-ano ang alam na ninyo tungkol sa ating kalikasan o mga likas na yaman? | Ano-ano ang nais pa ninyong malaman ukol sa ating kalikasan o likas na yaman? | Mula sa *video* ng “Awit para sa Kalikasan,” ano ang inyong nalaman na mga kasalukuyang pangyayari sa ating kalikasan o sa mga likas na yaman?<br>Ano-anong mungkahing paraan ng wastong pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa ang iyong nalaman? |

### Gawain B

Muling alalahanin ang *video* ng “Awit para sa Kalikasan.” Naalaala mo pa ba ang mga bunga ng ating ginagawa sa ating likas na yaman? Ano-ano ito? Kopyahin sa notbuk ang *Fish Bone map* at isulat dito ang iyong sagot.

Maaaring bunga ng wastong pangangasiwa ng likas na yaman ng bansa



Maaaring bunga ng hindi wastong pangangasiwa ng likas na yaman ng bansa

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain C**

Gumawa ng pangako sa sarili. Kopyahin sa notbuk at buuin ang mga pananalita sa ibaba.

**Pangako Ko**

Ako, si _______________, ay matapat na nangangako na aking ipagmamalaki at pahahalagahan ang mga wastong pangangasiwa ng mga likas na yaman sa pamamagitan ng _____________________________________.



## TANDAAN MO

- Gawin ang mga mungkahing paraan ng wastong pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa.
- Ang mga maling gawain gaya ng pagpuputol ng mga puno at paghuli sa mga hayop o *wildlife* ay maaaring magdulot ng hindi magandang epekto sa ating pamumuhay.
- Mahalagang isabuhay ang mga tamang gawi upang mapangalagaan ang ating kalikasan.

DEPED COPY



## NATUTUHAN KO

I. Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang mungkahing paraan ng pangangasiwa ng likas na yaman ng bansa ay *wasto*, at ekis (✗) kung *hindi wasto*. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Iiwasan ang pagtatapon ng basura sa mga yamang tubig.
2. Magtanim ng mga puno at halaman sa mga bakanteng lote.
3. Ipagwawalang-bahala ang mga batas pangkalikasan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Gawin ang programang 3Rs (*reduce, reuse, recycle*).
5. Hayaang nakabukas ang gripo kahit umaapaw na ang tubig sa balde.

II. Ano ang iyong gagawin sa sumusunod na mga sitwasyon? Isulat sa sagutang papel ang sagot.

1. Napansin mo ang iyong kaklase na sa kaunting pagkakamali sa pinasusulat ng guro ay agad niya nang tinatapon ang kaniyang papel. Ano ang sasabihin mo sa kaniya? Paano mo ipapaliwanag sa kaniya ang kahalagahan ng papel?
2. Nalaman mo na ang tatay ng kaklase mong si Sophia ay mahilig mag-alaga ng mga natatanging hayop. Minsan sa kaniyang pangingisda ay nakahuli siya ng pawikan. Iniuwi niya ito at inilagay sa isang palanggana. Ano ang sasabihin mo kay Sophia? Bakit hindi tama ang pag-aalaga sa pawikan?
3. Nalaman mo na ang iyong ama ay gumagamit ng dinamita sa kaniyang pangingisda. Natutunan mo sa paaralan na pinagbabawal ito ng pamahalaan at maaari siyang makulong kung siya ay mahuhuli. Paano mo ito sasabihin sa iyong ama?
4. Marami kang kaibigan na nakatira sa may estero. Doon nila tinatapon ang kanilang mga basura kaya't madalas ang pagbaha rito. Ano ang sasabihin mo sa iyong mga kaibigan? Paano mo ito maipararating sa inyong punong barangay?
5. Habang ikaw ay nasa daan pauwi sa inyong tahanan, nakita mong sinisira ng isang bata ang mga halaman ng inyong kapitbahay. Ano ang sasabihin mo sa bata?

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 9 Pagtangkilik sa Sariling Produkto para sa Pag-unlad at Pagsulong ng Bansa

## PANIMULA


Mula sa mga nakaraang aralin, nabatid at napaghambing ang mga produkto at kalakal na matatagpuan sa iba't ibang lokasyon ng ating bansa. Tunay na napakarami nating mga gawang produkto na nararapat na ipagmalaki ng bawat Pilipinong tulad mo.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang kahalagahan ng pagtangkilik sa sariling produkto
2. Maiuugnay mo ang kahalagahan ng pagtangkilik sa sariling produkto sa pag-unlad at pagsulong ng bansa
3. Maipakikita mo ang pagiging makabayan sa pamamagitan ng pagpili ng produktong gawang Pinoy

## ALAMIN MO

Tinatangkilik mo ba ang mga sariling produkto ng bansa? Halimbawa, bumibili ka ng sapatos sa isang *supermarket*. May nakita kang imported na *rubber shoes* at sapatos na gawang Marikina, alin ang bibilhin mo? Bakit iyon ang pinili mong bilhin?




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang sariling produkto ay ang mga produktong gawa sa sariling bansa at gawa ng mga manggagawang Pilipino.

Bawat lalawigan ay may natatanging produkto tulad ng sapatos sa Marikina; tsinelas sa Laguna; niyog sa Bicol, Laguna, at Cavite; asukal sa Iloilo, Tarlac, at Negros; bigas sa Gitnang Luzon; *dried mango* sa Cebu; saging sa Davao at Cotabato; abaka sa Bicol; tabako sa Cagayan, Ilocos, at Pangasinan; pinya sa Cotabato at Bukidnon; at perlas sa Sulu.

Ang pagtangkilik sa mga produktong Pilipino ay nakatutulong sa ating bansa. Malaking ambag ito sa ating kabangyaman at sa pag-angat pa ng ating mga produkto sa ibang bansa. Gayundin, dagdag itong kita para sa ating mga kababayan na tampok sa pagbubuo at paggawa ng mga produktong ito.



## GAWIN MO

### Gawain A

1. Maglaro ng *Mother Goes to Market*.
2. Panuto sa laro:
   a. Ang bawat pangkat ay pipila nang maayos at bibigyan ng guro ng tig-isang basket o bayong, bilao, at alampay.
   b. Ang miyembro ng bawat pangkat na nasa unahan ay magsusuot ng alampay at bibitbitin ang basket o bayong bago pupunta sa harapan kung saan nakadikit sa pisara ang iba't ibang produkto.
   c. Kukuha ang manlalaro ng isang produktong nais niyang bilhin.
   d. Babalik siya sa kaniyang pangkat at ilalagay sa bilao ang produktong binili. Pagkatapos, ipapasa niya ang basket at alampay sa kasunod na manlalaro.
   e. Uulitin ng manlalaro ang ginawa ng nauna hanggang sa lahat ng kasapi ay nakalaro na.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano-anong produktong gawang Pinoy ang binili mo?
2. Ano-ano ang gawang *imported*?
3. Alin ang mas tatangkilikin mo? Bakit?


**Gawain B**

Bumalik sa inyong pangkat. Kopyahin ang *Butterfly Map*. Gamit ito, tukuyin ang mga produktong gawa ng iba't ibang lalawigan sa ating bansa. Isulat sa kaliwang bahagi ng pakpak ng paruparo ang mga lalawigan sa Luzon, Visayas, o Mindanao at sa kanang pakpak naman ay ilagay ang kanilang mga natatanging produkto.




**Gawain C**

1. Gumuhit ng isang hagdanan tulad ng nasa ibaba sa inyong *manila paper*.



2. Isulat sa unang baitang sa ibaba ang mga salitang, "Pagtangkilik sa sariling produkto."


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Sa ikalawang baitang, sagutin ang tanong na: Ano ang kalahagahan ng pagtangkilik sa sariling produkto?
4. Sa ikatlong baitang, isulat ang iyong sagot sa tanong na: Paano nakatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa ang pagtangkilik sa sariling produkto?
5. Sa pinakahuling baitang sa itaas, ilagay ang mga salitang: "Sumusulong na Pilipinas at maunlad na mamamayang Pilipino."



## TANDAAN MO

- Ang sariling produkto ay mga produktong yari sa sariling bansa at kadalasang gawa ng mga manggagawang Pilipino.
- Bawat lalawigan ay may natatanging produkto na gawa sa sari-sariling bayan.
- Ang pagtangkilik sa produktong Pilipino ay malaking ambag sa kabang-yaman ng bansa, at sa pag-angat pa ng ating mga produkto sa ibang bansa.
- Sa pamamagitan ng pagtangkilik sa sariling produkto, nakatutulong tayo sa pagpapatuloy ng hanapbuhay ng mga manggagawang tampok sa pagbuo ng mga produkto.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## NATUTUHAN KO

I. Punan ang talahanayan sa pamamagitan ng pagtukoy kung anong mga produkto ang matatagpuan at mabibili sa sumusunod na mga lalawigan o lugar. Gawin ito sa sagutang papel.

| Lalawigan | Produkto |
|---|---|
| Laguna | |
| Bicol | |
| Marikina | |
| Bukidnon | |
| Pangasinan | |
| Sulu | |

II. Isulat sa sagutang papel ang **N** kung nakatutulong sa pag-unlad ng bansa at **NK** kung hindi nakatutulong sa pag-unlad ng bansa ang sumusunod na gawain.

_____ 1. Bumili ng pitakang yari sa abaka.

_____ 2. Nagpunta sa Romblon at doon bumili ng marmol na gagamitin sa pinagagawang bahay.

_____ 3. Nagpadala ng *dried mangoes* mula sa Cebu sa kamag-anak na nasa London.

_____ 4. Humiling ng pasalubong na imported na pabango na ipagbibili sa mga kaibigan.

_____ 5. Paboritong bilhin sa *supermarket* at kainin ang *imported* na *dark chocolate*.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**ARALIN 10**

# Hamon at Oportunidad sa mga Gawaing Pangkabuhayan ng Bansa

## PANIMULA


Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang iba't ibang gawaing pangkabuhayan sa iba't ibang lokasyon ng bansa at mga pag-aangkop na ginagawa ng tao sa kapaligiran upang matugunan ang kaniyang pangangailangan. Dahil dito, nagkaroon ng iba't ibang gawaing pangkabuhayan, kabilang ang pagsasaka at pangingisda.

Mahalagang malaman mo na ang pag-unlad ng mga gawaing pangkabuhayan ay may dalang mga hamon na kailangang malagpasan at mga oportunidad na dapat samantalahin at sagutin. Upang mapagtagumpayan ito, dapat ay maging handa para dito.

Sa aralin ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga hamon ng mga gawaing pangkabuhayan
2. Matutukoy mo ang mga oportunidad kaugnay ng mga gawaing pangkabuhayan
3. Makagagawa ka ng isang mungkahing planong pangkabuhayan

## ALAMIN MO




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Agrikultura

Kilala ang Pilipinas bilang isang agrikultural na bansa. Kung kaya, ang isa sa nangungunang gawaing pangkabuhayan sa bansa ay pagsasaka. Sadyang malawak ang taniman dito. Tinatayang nasa 35 bahagdan ang sinasakang lupain sa Pilipinas.

Ang kabuhayang ito ay mahalaga dahil nagmumula sa lupa ang mga produkto na pangunahing pangangailangan ng tao para patuloy na mabuhay. Kung liliit ang produksiyon, maaapektuhan ang taong bayan at ang bansa. Ayon sa maraming magsasaka, ang uri ng kanilang pamumuhay ay isang tuloy-tuloy na pakikipaglaban sa mga hamong kaakibat ng kanilang hanapbuhay. Kasama rito ang lalong lumalaking bilang ng mga angkat na produktong agrikultural, kahirapan dulot ng mababang kita ng mga magsasaka, limitadong pondo na pinagkakaloob ng pamahalaan bilang tulong sa maliliit na magsasaka, suliranin sa irigasyon, at kawalan ng kontrol sa presyo. Higit sa lahat, ,ay mga suliranin sa kalamidad, pagkasira ng kalikasan, at pagbabago ng panahon tulad ng *El Niño phenomenon* o mahabang panahon ng tag-init.

Sa kabila ng mga hamong ito, may mga oportunidad ding ipinagkakaloob sa mga magsasaka gaya ng mga sumusunod:

- impormasyon sa mga bagong pag-aaral at saliksik upang gumanda ang ani at dumami ang produksiyon;
- paggamit ng mga makabagong teknolohiya para mapabilis ang produksiyon;
- paghihikayat sa mga OFW na mamuhunan sa pagsasaka at linangin ang mga lupain sa kani-kanilang mga probinsiya; at
- pagbibigay ng pagkakataon para sa magsasaka na makapag-aral ng tamang paraan ng pagsasaka.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pangingisda

Bilang isang kapuluan, ang Pilipinas ay napalilibutan ng tubig kung kaya't napakayaman nito sa mga pagkaing dagat at halamang dagat. Itinuturing ang Pilipinas bilang isa sa pinakamalaking tagatustos ng isda sa buong mundo. Upang mapalakas ang gawaing pangkabuhayan na ito, narito ang ilan sa mga maituturing na mga oportunidad sa pangingisda:

- pagpapatatag ng *Philippine Fish Marketing Authority* (PFMA) sa industriya ng pagbibili ng isda sa pamamagitan ng pagpapatayo ng karagdagang daungan o pantalan sa mga istratehikong lugar upang mapalago ang kita at produksiyon;
- pagpapatayo ng planta ng yelo at imbakan ng mga isda;
- paglalaan ng mga sasakyang pangisda;
- pagbili ng mga modernong kagamitan sa pangingisda tulad ng *underwater sonars* at *radars*;
- paggawa ng bagong kurikulum para sa mga kurso sa *marine* at *fishing*;
- paglulunsad ng mga programang makatutulong sa pagpapaunlad ng industriya ng pangingisda tulad ng *Blue Revolution* at Biyayang Dagat; at
- pagkakaroon ng mga kooperatibang naglalayong masu-portahan ang maliliit na mangingisda.

Samantala, ang maituturing na pinakamalaking hamon sa pangingisda ay ang *climate change* o pagbabago ng klima ng mundo at likas na mga pangyayari tulad ng mga kalamidad.



Kabilang din sa mga hamon sa gawaing pangkabuhayang ito ay ang mga kalsada, tulay, at iba pang impraestrukturang nakababagal sa transpor-tasyon ng mga produktong dagat kung kaya't hindi mapaabot sa merkado ang mga sariwang isda. Hamon ding maituturing ang

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


pagkasira ng mga tahanan ng mga isda sa ilalim ng dagat at hindi epektibong pangangalaga sa mga yamang dagat lalo na sa mga protektadong lugar.


Sagutin:
1. Ano-ano ang hamon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa?
2. Ano ang dapat gawin sa mga hamon na ito?
3. Ano-ano ang oportunidad sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa?
4. Ano ang dapat gawin sa mga oportunidad na ito?

## GAWIN MO

### Gawain A

Isa-isahin ang mga hamon at oportunidad sa mga pangunahing gawaing pangkabuhayan ng bansa. Kopyahin ang *Venn diagram* at isulat dito ang sagot.





DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain B**

Gamit ang larong *Search the Area*, alamin ang kaibahan ng *hamon* sa *oportunidad*. Ilagay sa basket ang lahat ng oportunidad at sa balde ang lahat ng mahahanap mong hamon.




Mga pagpipilian:

- mga sakuna sa dagat
- pagkakaroon ng mga modernong kagamitan tulad ng *underwater sonars* at *radars*
- suliranin sa irigasyon
- *El Niño phenomenon*
- pagpapatayo ng mga bagong pantalan
- makabagong teknolohiya sa pagsasaka
- pagdami ng mga angkat na produktong agrikultural
- bagong pag-aaral tungkol sa pagpaparami ng ani
- *climate change*
- programang *Blue Revolution* at Biyayang Dagat

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

### Gawain C

Hatiin ang klase sa dalawa, ang mga babae laban sa mga lalaki. Ang bawat pangkat ay mag-uunahan sa pag-akyat sa tuktok ng bundok na nakaguhit sa pisara sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro.

Pagpipilian:

A. Pagsasaka
B. Pangingisda



## TANDAAN MO

- Kilala ang Pilipinas bilang isang agrikultural na bansa.
- Dalawa sa pangunahing gawaing pangkabuhayan ng bansa ang pagsasaka at pangingisda.
- Ang mga gawaing pangkabuhayang ito ay nakararanas ng iba't ibang hamon na dapat malagpasan at mga oportunidad na makatutulong para higit na mapaunlad ang ekonomiya ng bansa.

DEPED COPY



## NATUTUHAN KO

I. Kopyahin ang talahanayan sa sagutang papel. Punan ng tamang datos.

| Gawaing Pangkabuhayan | Hamon | Oportunidad |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

II. Gumawa ng bukas na liham na nagpapakita ng iyong opinyon ukol sa kahalagahan ng pagtanggap ng mga hamon at pagyakap sa mga oportunidad ng mga gawaing pangkabuhayan ng ating bansa. Sundin ang modelo sa ibaba.

**Bukas na Liham**

Petsa: ______________

Minamahal naming mga magsasaka at mangingisda,

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

__________________________________________

Lubos na gumagalang,

____________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 11 Likas Kayang Pag-unlad

## PANIMULA


Sa nakaraang aralin, natutuhan ang kahalagahan ng wastong paraan ng pangangasiwa sa mga likas na yaman. Subalit bunga ng lumalalang krisis sa kalikasan, kailangang suriin ang ugnayan ng kalikasan at ekonomiya, dahil kasabay ng patuloy na pag-unlad ng bansa ay ang patuloy namang pagkasira ng mga pinagkukunang-yaman nito.

Ang mga gawain sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa upang tugunan ang pangangailangan ng tao ay nagdudulot din ng pagkawala at pagkasira ng mga likas na yaman. Sa madaling sabi, unti-unting nawawala at nasisira ang kalikasan.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Masasabi mo ang kahulugan at kahalagahan ng likas kayang pag-unlad (*sustainable development*)
2. Makalalahok ka sa mga gawaing lumilinang sa pangangalaga at nagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa
3. Maipadarama mo ang pagmamahal sa kalikasan sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawaing may kinalaman sa likas kayang pag-unlad

## ALAMIN MO





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.
DEPED COPY

Ang pagsulong at pag-unlad ay mithiin ng bawat bansa. Ano ang batayan ng pag-unlad? Anong mga hakbang ang dapat gawin upang makamtan ito?

Kung ihahambing sa ibang mga bansa, masasabing higit tayong pinagpala dahil mayaman tayo sa mga likas na yaman at magagaling ang ating mga yamang tao. Ngunit napag-iwanan na tayo ng mga bansang kasama natin sa Timog-silangang Asya.

Noong 1972, natukoy ng *United Nations Conference on Human Environment* ang posibleng ugnayan ng kalikasan at kaunlaran. Mula rito, naglitawan na ang mga panawagan na magkaroon ng isang alternatibong kaunlaran sa harap ng lumalalang krisis na pangkalikasan. Subalit, nagpatuloy pa rin ang pagkawasak at pagkasira ng kalikasan.

Noong 1987, binuo ng *United Nations* o Nagkakaisang mga Bansa ang Pandaigdigang Komisyon sa Kalikasan at Kaunlaran (*World Commission on Environment and Development*, WCED) upang pag-aralan at bigyan ng kaukulang solusyon ang suliranin sa kalikasan at kaunlaran. Binigyang-diin ng Komisyon ang likas kayang pag-unlad o *sustainable development*.

Ayon sa WCED, ang likas kayang pag-unlad ay ang pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan.

Bilang pakikiisa sa mithiin ng WCED, binuo ng pamahalaan ng Pilipinas ang *Philippine Strategy for Sustainable Development* (PSSD) na nagsasagawa ng iba't ibang istratehiya upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao. Kabilang dito ang pagsama ng mga usaping pangkalikasan sa paggawa ng desisyon, pagsama ng mga isyung pampopulasyon at kapakanan ng nakararami sa pagpaplano ng pag-unlad, pagbabawas ng paglaki ng mga rural na lugar, pagpapaigting ng edukasyong pangkalikasan, pagkakaroon ng mga sistema para sa mga protektadong lugar, pagpapaganda o pag-aayos ng mga nasirang *ecosystem*, pagpigil sa polusyon, at pagpapalakas ng suporta at partisipasyon ng taong bayan.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin:
1. Ano ang likas kayang pag-unlad o *sustainable development*?
2. Ano ang dahilan ng pagkakatatag ng PSSD?
3. Bakit mahalagang maisakatuparan ang likas kayang pag-unlad?
4. Bilang isang mag-aaral, paano ka makalalahok sa gawaing lumilinang at nagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa?

## GAWIN MO

### Gawain A

Isulat ang kahulugan at kahalagahan ng likas kayang pag-unlad gamit ang H-chart sa ibaba. Gawin ito sa notbuk.




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain B**

Buuin ang Kontrata ng Katapatan sa Kalikasan o KKK. Gawin ito sa malinis na papel.



Ako, bilang isang matapat at makakalikasang mamamayan ng Pilipinas, ay buong katapatang sumusumpa na lalahukan ang sumusunod na gawain na nagsusulong ng likas kayang pag-unlad:

______________________________

DEPED COPY

**Gawain C**

Pangkatang Gawain: Basura Mo, Kayamanan Ko
May Pera sa Basura

Bawat pangkat ay patutunayan ang mga islogan sa itaas. Gawin ng pangkat ang nakaatas na gawain na makatutulong para mapangalagaan at maisulong ang likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa.

Pangkat 1 – Gamit ang lumang tela, gumawa ng *eco bag* o *recycled bag*.

Pangkat 2 – Gamit ang mga bote ng 1.5 litrong *soft drinks*, gumawa ng *flower vase*.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Pangkat 3 – Gamit ang mga *straw*, lumikha ng *placemat*.
Pangkat 4 – Gamit ang mga tansan, lumikha ng *mobile*.

Ipagbili ang lahat ng inyong gawa sa inyong mga kamag-anak o kamag-aaral.



## TANDAAN MO

- Noong 1972, natukoy ng United Nations Conference on Human Environment ang posibilidad ng ugnayan ng kalikasan at ng kaunlaran.
- Noong 1987, binuo ng United Nations ang World Commission on Environment and Development (WCED) upang pag-aralan at bigyan ng kaukulang solusyon ang suliranin sa kalikasan at kaunlaran.
- Ang likas kayang pag-unlad (*sustainable development*) ay pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsaalang-alang sa kakayahan at abilidad ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan.
- Ang Pilipinas, katulad ng iba pang bansa, ay naghahanda rin sa posibleng kahihinatnan ng patuloy na pagkaubos ng mga likas nitong yaman.

DEPED COPY



## NATUTUHAN KO

I. Buuin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang likas kayang pag-unlad ay ___________________.
2. Ang likas kayang pag-unlad ay mahalaga dahil __________________.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Ang mga gawaing lumilinang sa pangangalaga at nagsusulong ng likas kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa ay ________________________.
4. Bilang isang mag-aaral, ang magagawa ko bilang pakikiisa sa likas kayang pag-unlad ay ___________.
5. Mahalagang makilahok sa mga gawaing lumilinang sa pangangalaga at nagsusulong ng gawaing likas kayang pag-unlad dahil _________________________.

II. Lagyan ng puso (♡) ang bilang kung ginagawa mo at malungkot na mukha (☹) kung hindi mo ginagawa. Gawin ito sa sagutang papel.

| |
|---|
| 1. Tinatapon ko sa tamang tapunan ang aking mga basura dahil alam kong ang basurang itinapon ko kung saan-saan ay babalik din sa akin. |
| 2. Nakikiisa ako sa mga programa laban sa walang habas na pagputol ng mga puno. |
| 3. Ipinagbibigay-alam ko sa kinauukulan ang bilang ng plaka ng mga sasakyag nagbubuga ng maitim na usok na nagdudulot ng polusyon sa hangin. |
| 4. Lagi kong tinitingnan kung nakasarang maigi ang gripo ng tubig kung hindi ito ginagamit. |
| 5. Nakikinig ako nang husto sa aking guro kapag tinatalakay ang mga aralin tungkol sa kalikasan. |

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## ARALIN 12 Kulturang Pilipino

### PANIMULA


Sa mga nakaraang aralin, natutuhan mo na maraming likas na yaman ang bansa. Alam mo bang hindi lamang sa mga pinakukunang-yaman sagana ang Pilipinas? Mayaman din ang ating kultura. Ito ay kulturang nalinang dahil sa pinagsama-samang kultura ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas at mga impluwensiyang hatid sa atin ng mga dayuhang mangangalakal at mananakop.

Handa ka na bang malaman kung gaano kayaman ang kulturang Pilipino?

Sa araling ito inaasahang:

1. Matutukoy mo ang ilang kultura ng iba't ibang rehiyon sa bansa
2. Matatalakay mo ang kontribusyon ng iba't ibang pangkat sa kulturang Pilipino

### ALAMIN MO




Ang yamang tao ng Pilipinas ay ang mga mamamayan nito na matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Iba-iba ang pangkat na kinabibilangan ng mamamayang Pilipino. Dulot ito

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ng pagiging kapuluan ng bansa kung kaya't ang mga Pilipino ay nabuo mula sa iba't ibang pangkat. Bawat pangkat ay may sariling kultura na naging tatak ng kanilang pagkakakilanlan.

Ang kultura ay uri at paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar na nagpapakita ng kanilang paniniwala, kagamitan, moralidad, batas, tradisyon, sining, relihiyon, kaugalian, pamahalaan, at kaalaman o sistema ng edukasyon. Magkakatulad ang kanilang wika at paraan ng pamumuhay.

Narito ang ilan sa mga pangkat etniko sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas at kanilang katangiang kultural.

## Mayoryang Pangkat Etniko sa Luzon

| Pangkat/ Rehiyon/ Mga Lalawigang Pinaninirahan | Katangiang Kultural |
|---|---|
| ***Ilokano***<br><br>**Rehiyon I at II**<br>(Ilocos Sur, Ilocos Norte, Isabela, Cagayan, Abra, La Union, at Pangasinan)<br><br>**Rehiyon III (Zambales)**<br><br>**NCR o Metro Manila**<br><br>Ibang bansa (Guam, Hawaii) | Pangatlo ito sa pinakamalaking pangkat sa Pilipinas. Sinasabing mahigit walong milyong Pilipino ang marunong magsalita ng Ilokano, na siyang pangunahing wika ng mga taga-Hilagang Luzon. Karamihan sa kanila ay Katoliko. Marami rin ang tinatayang kasapi ng *Philippine Independent Church*.<br><br>Malaki ang kinalaman ng kapaligiran sa pag-uugali ng mga Ilokano. Ang kakulangan ng mga lupang sakahan at mahabang tag-araw na nararanasan ang nag-udyok sa mga Ilokano na maging masinop, matiyaga, matipid, masipag, at mapamaraan. Ang mga ugaling ito ang naging puhunan nila upang makahanap ng iba pang pagkakakitaan.<br><br>Bukod sa pagsasaka sa kanilang malawak na taniman ng tabako, ang mga Ilokano ay kilala rin sa paggawa ng gitarang tinatawag na *kutibeng*.<br><br>Ang awiting "Pamulinawen" at "Manang Biday" ay ilan sa mga kilalang awitin ng mga Ilokano. |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

| | |
|---|---|
| ***Kapampangan*** <br> **Rehiyon III** <br> (Pampanga, Tarlac, at Nueva Ecija) | Kilala ang mga Kapampangan sa husay nilang magluto at pagsusuot ng magagarang damit. <br><br> Kilala rin sila sa pagiging relihiyoso. Patunay rito ang pagdaraos nila ng Semana Santa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pabasa at pagpipinetensiya. Tuwing buwan ng Mayo, pinagdiriwang nila ang Santacruzan at Pista ng Parol naman tuwing Pasko. |
| ***Tagalog*** <br> **Rehiyon IV at NCR** <br> (CALABARZON, MIMAROPA, Bulacan, Nueva Ecija, Aurora, Bataan, Zambales, at Metro Manila) | Ang Tagalog ang pangalawa sa pinakamalaking pangkat sa Pilipinas. <br><br> Ang rehiyong Katagalugan ay biniyayaan ng kalikasan ng matatabang lupang pang-agrikultura kaya pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay nila. <br><br> Tinatayang mahigit 15 milyon ang gumagamit ng wikang Tagalog sa Pilipinas. Ang wikang Tagalog din ang naging batayan ng wikang Filipino na ating pambansang wika. |
| ***Bikolano*** <br> **Rehiyon V** <br> (Albay, Catanduanes, Masbate, Sorsogon, Camarines Sur, at Camarines Norte) | Naninirahan sila sa kapaligirang may matatabang lupa, sagana sa likas na yaman, at may magandang bulkan. <br><br> Tanyag sila sa mga pagkaing may gata at sili gaya ng laing at *Bicol express*. Taon-taon, ipinagdiriwang nila ang Pista ng Birhen ng Peñafrancia. Tinuturing nilang Ina ang Birhen ng Peñafrancia na nangangalaga sa kanilang buhay. <br><br> Bicol ang salita ng mga tagarehiyon at sinasabing mahigit 3.5 milyon ang marunong ng salitang ito. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Mayoryang Pangkat Etniko sa Visayas

| Pangkat/ Rehiyon/ Mga Lalawigang Pinaninirahan | Katangiang Kultural |
|---|---|
| ***Ilonggo***<br>**Rehiyon VI**<br>(Aklan, Antique, Capiz, Guimaras, Iloilo, at Negros Occidental) | Kilala ang mga Ilonggo sa pagiging malumanay at mahinahon lalo't higit sa kanilang pananalita.<br><br>Maganda ang kanilang pananaw sa buhay at higit nilang pinahahalagahan ang pangkasalukuyan kaysa nakaraan o sa hinaharap. Sila ay marangya at hindi mapag-isip at mahilig sa pagkain. Ang mga kalalakihan ay masisipag, masisinop sa buhay, at tumutulong sa mga gawaing bahay. Sila ay mga relihiyoso at mahilig tumuklas ng mga kaalaman sa buhay.<br><br>Ang mga Ilonggo ay bantog sa paggawa ng mga kakanin at minatamis katulad ng pinasugbo, barkilyos, piyaya, kalamay-hati at iba pang mga pagkaing iniimbak. |
| ***Sugbuhanon* o *Cebuano***<br><br>**Rehiyon VII**<br>(Cebu, Bohol, Negros Oriental, Siquijor, ilang lalawigan sa Mindanao) | Ang Sugbuhanon o Cebuano ay itinuturing na pinakamalaking pangkat etniko sa buong bansa.<br><br>Mapagsapalaran sila upang paunlarin ang kanilang buhay. Hindi ito nangangahulugan na salat sa pinagkukunang-yaman ang Cebu. Sa panahon ngayon, halos pumapantay na ito sa Kamaynilaan sa bilis ng pag-unlad ng kabuhayan. |

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| ***Sugbuhanon* o *Cebuano*** | Kabilang sa kanilang pagdiriwang na panrelihiyon ang Pista ng Santo Niño at *Sinulog Festival* bilang pag-alaala sa kapistahan ng patron ng Tanjay na si Señor Santiago.<br>Ang wikang Cebuano ay ginagamit ng may 20 milyong Pilipino. |
| ***Waray***<br>**Rehiyon VIII**<br>(Biliran, pulo ng Samar, pulo ng Leyte) | Ang pinakabantog na sayaw na *Kuratsa* ay isang tradisyon sa lahat ng mga kasayahan sa Leyte at Samar. Kahit sila ay labis na pinahihirapan ng madalas na pagbagyo, nananatili pa rin ang kanilang simpleng kasayahan at pananampalataya sa Diyos. Ipinahahayag ng awiting *Dandansoy* at *Alibangbang* ang kanilang masayang pananaw sa buhay na siyang pinagmumulan ng mga salitang *ayon* at *saya* sa katimugang Visayas.<br>Waray ang kanilang wika na ginagamit ng may 2.5 milyong Pilipino. |

DEPED COPY

## Mayoryang Pangkat Etniko sa Mindanao

| Pangkat/ Rehiyon/ Mga Lalawigang Pinaninirahan | Katangiang Kultural |
|---|---|
| ***Pangkat ng Muslim***<br>**Maranao**<br>**Rehiyon X**<br>(Lanao) | Ang pangkat ng Muslim ang pinakamalaking pangkat etniko na matatagpuan sa Mindanao. Ang kanilang relihiyon ay Islam. |


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| ***Pangkat ng Muslim*** <br> **Maranao** <br> **Rehiyon X** <br> (Lanao) | Mahuhusay silang mangingisda, magsasaka, mangangalakal, at maninisid. Gumagawa sila ng mga bangka, kasangkapan, at iba pang bagay na yari sa kahoy, kabibi, koral, ginto, tanso, at pilak. <br><br> Ang Pangkat ng Muslim ay tanyag sa paggamit ng kagamitang yari sa tanso. Ang kanilang mga tahanan ay may dekorasyong sarimanok na kanilang pinaniniwalaang nagbibigay ng lakas, kayamanan, at kasikatan sa isang mamamayan. <br><br> Ang Pangkat ng Muslim ay limang bahagdan ng kabuuang populasyon ng Pilipinas. |
| ***Maguindanaon*** <br> **Rehiyon XII** <br> (mga lalawigan sa Rehiyon XII, Cotabato, Lanao del Norte, Maguindanao) | Mayroon na silang kultura bago pa man dumating ang mga mamamayang Islamic noong ikalabing-apat na siglo. Ang kanilang katutubong kultura at kalinangan ay napasanib sa pagdating ng mga Islamic. Ito ay makikita sa kanilang panlipunan at pampulitikang kabuhayan. <br><br> Hindi sila nagpasakop sa mga Kastila at Amerikano. Mahigpit ang kanilang paninindigan sa kanilang prinsipyo katulad ni Sultan Kudarat na inilaan ang buhay laban sa kolonyalismo. |
| ***Yakan* o *Sama Yakan*** <br> **ARMM** <br> (Basilan) | Tanggap sa kultura ng mga Yakan ang diborsiyo ngunit may matibay na dahilan ang paghihiwalay ng mag-asawa. Hindi sila pinapayagang mag-asawa ng kamag-anak at hindi katribu. Maaaring magpakasal nang higit sa apat na babae ang lalaking Yakan kung kaya niyang bigyan ang mga ito ng sapat na ikabubuhay. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| ***Yakan* o *Sama Yakan*** **ARMM** (Basilan) | Ang mga Yakan lamang ang tanging pangkat na kapuwa nagsususot ng malong ang lalaki at babae. Isinusuot ng lalaking Yakan ang malong sa kaniyang ulo samantalang ipinupulupot naman ito ng mga babae sa kanilang baywang. |

## Iba pang Pangkat Etniko

| **Pangkat/ Rehiyon/ Mga Lalawigang Pinaninirahan** | **Katangiang Kultural** |
|---|---|
| ***Ifugao*** **Cordillera Adminis-trative Region o CAR** (Bundok ng Gitnang Cordillera) | Sila ang gumawa ng Rice Terraces na walang gamit na makina; ginawa ito sa pamamagitan ng kanilang mga kamay. |
| ***Ivatan*** **Rehiyon II** (Batanes) | Karaniwan sa mga Ivatan ang pagsusuot ng *bakol*, isang uri ng sombrero na gawa sa hinabing dahon ng palmera.<br>Dahil madalas na dinaraanan ng bagyo ang Batanes, mababang hugis-kahon ang mga bahay ng mga Ivatan. Gawa ito sa bato, kogon, at apog. Mayroon lamang itong maliliit na bintana. |
| ***Subanen*** **Rehiyon IX** (Zamboanga del Norte at Zamboanga del Sur) | Ratan ang kanilang pangunahing produkto kung kaya't magaling sila sa paghahabi ng basket at banig. Naniniwala rin sila na sa iisang ninuno lamang sila nagmula. |

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| ***Manobo*** <br> **Rehiyon ng Caraga** <br> (sa may Ilog Agusan) | Matingkad na pula at itim ang kanilang mga kasuotan kaya't sila ay tinaguriang makukulay na Ita. Nakagawian na nila ang pagnganganga. Mahilig din sila sa pagtatato. Ang mga babaeng Manobo ay may tato sa sakong at binti samantalang ang mga lalaki ay may tato sa buong katawan. <br><br> Katangi-tangi sa kanilang kultura ang paraan ng paglilibing sa kanilang mga kaanak na yumao. Ibinabaon nila ito nang mababaw o halos hindi na tinatabunan ng lupa sa paniniwalang sa pamamagitan nito ay malayang makalalabas-masok sa kabaong ang espiritu o kaluluwa ng namatay. Ang tahanan ng yumao ay kanila ring sinusunog o kaya'y iniiwang nakatiwangwang at hindi na tinitirahan pa ng mga kamag-anak. |
| ***Bagobo*** <br> **Rehiyon XI** <br> (Davao) | Ang mga lalaking Bagobo ay nangangarap na matawag at makilala bilang isang mandirigma na nakakitil na ng dalawa o higit pang mandirigma ng kalabang tribu. <br><br> Napapangkat sa tatlo ang tradisyunal na lipunan ng mga Bagobo: mandirigma, datu, at nabalian. Ang bayani ang mandirigma at ang datu ang pinuno ng mga ito. Ang mga nabalian o paring babae ang pangalawang uri sa lipunan. Sila ang matatandang babaing mahuhusay sa paghahabi. |
| ***Samal*** | Sila ay tinaguriang mga hitanong-dagat sapagkat sa mga baybaying dagat o mismong sa karagatan sila naninirahan. Nagpapalipat-lipat sila ng tirahan at sumusunod sa mga kawan ng isda na siya nilang ikinabubuhay. |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| ***T'boli*** | Sila ay kilala ng mga mamimiling naninirahan sa mga kapatagan. Kahanga-hanga sila sa kanilang pagiging makasining na ipinakikita nila sa kanilang mga kasuotan, personal na palamuti, gawang-metal, paglala at paggawa ng basket. Naipakikita rin nila ito sa kanilang hindi pangkaraniwang musika at sayaw. Ang kanilang instrumentong pangmusika ay ang agong, tambol at mga may kwerdas. |

Ang kultura ng Pilipinas ay pinaghalong impluwensiya ng kultura ng mga katutubong tradisyon, kultura ng mga pangkat etniko, at kultura ng mga unang mangangalakal at mananakop ng bansa.

DEPED COPY

## Impluwensiya ng mga Unang Mangangalakal

Bago pa dumating ang mga unang mangangalakal at mananakop ay may sarili nang kultura ang mga unang Pilipino. Ang kulturang ito ay nadagdagan ng mga kultura ng mga mangangalakal na Orang Dampuan, Orang Bandjar, Hindu, Intsik, Arabe, at Hapones. Dahil sa pagpapalitan ng mga produkto at pakikipag-ugnayan sa kanila, unti-unting nabago ang kulturang Pilipino. Ang Hinduismo at Budismo ay may impluwensiya sa mga katutubong paniniwala at kasuotan ng mga Pilipino. Natuto ang mga unang Pilipino na gumamit ng sarong at putong na hanggang sa ngayon ay ginagamit ng mga Muslim.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


Sa mga impluwensiya ng Tsina natuto ang mga Pilipino sa pagkain ng pansit, siopao, ampaw, at lugaw. Gayundin ang paggamit ng magagalang na katawagang ate, kuya, ditse, at sangko at paggamit ng kanilang mga produkto kabilang na ang payong, tsinelas, at porselana.



Ang relihiyong Islam naman ay impluwensiya ng mga Arabe sa mga Muslim. Marami sa mga mamamayan ng Mindanao ang nakapag-asawa ng mga Arabe.

## Impluwensiya ng mga Mananakop

Ang mga Espanyol na sumakop sa Pilipinas sa loob ng mahigit tatlong daang taon ay may malaki ring kontribusyon sa ating lipunan at paraan ng pamumuhay. Sa kanila natutunan ng mga Pilipino ang siyesta o pagpapahinga matapos kumain, pagsasabong, at paglalaro ng baraha. Ang ating katutubong wika ay nahaluan ng mga salitang Espanyol tulad ng kurbata, mesa, adios, at libro. Natutuhan din ng mga Pilipino ang pagluluto at pagkain ng *mechado*, *lechon*, *menudo*, at *pochero*. Sa panahon din ng mga Espanyol natutunan ng mga Pilipino ang pagsasagawa ng malalaking pista at pag-aalaala sa mga Santong Patron ng mga bayan. Higit sa lahat, maraming Pilipino ang naging Kristiyano at natuto ng wikang Espanyol. Marami ring Pilipino ang nakapag-asawa ng Espanyol, kung kaya't nagkaroon ng pagbabago sa katangiang pisikal ng mga Pilipino.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.
COPY

Ang pinakamahalagang kontribusyon naman ng mga Amerikano sa bansa ay ang pagpapahalaga sa edukasyon at kalusugan. Natutunan din sa kanila ang demokratikong pamahalaan. Dahil sa kanila kung kaya't marunong ng wikang Ingles ang karamihan sa Pilipino. Sa kasalukuyang panahon, maraming Pilipino ang naninirahan sa Estados Unidos.

Ang mga kaugaliang Pilipino ay tatak na ng mga mamamayan, tulad ng bayanihan, matinding pagkakabuklod-buklod ng mag-anak, pakikisama, hiya, utang na loob, *amor propio*, delikadesa, at *palabra de honor*.






Sagutin:

1. Ano ang mga katangiang kultural ng iba't ibang pangkat mula sa iba't ibang rehiyon?
2. Ano-ano ang kontribusyon ng iba't ibang pangkat sa kulturang Pilipino ayon sa sumusunod?
   a. katutubong tradisyon
   b. unang mangangalakal
   c. pangkat etniko
   d. mananakop



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## GAWIN MO

**Gawain A**

Tingnan ang mapa ng Pilipinas sa mga unang pahina. Alamin kung saang lalawigan matatagpuan ang iba't ibang pangkat etniko sa bansa.

**Gawain B**

Pumili ng pangkat etniko na nagmula sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Tukuyin ang kultura ng pangkat etniko.





DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain C**

Gamit ang *Catch the Falling Stars*, tukuyin ang iba't ibang kontribusyon sa kulturang Pilipino.






## TANDAAN MO

- Ang kultura ay ang uri at paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar na nagpapakita ng kanilang paniniwala, kagamitan, moralidad, batas, tradisyon, sining, relihiyon, kaugalian, pamahalaan, at kaalaman o sistema ng edukasyon.
- May pitumpung pangkat etniko at walumpung uri ng wika at diyalekto sa ating bansa. Bawat pangkat ay may sariling kultura na naging tatak ng kanilang pagkakakilanlan.
- Ang kultura ng Pilipinas ay pinaghalong impluwensiya ng kultura ng mga katutubong tradisyon, kultura ng mga pangkat etniko, at ng mga unang mangangalakal at mananakop ng bansa.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## NATUTUHAN KO

I. Isulat sa sagutang papel kung anong pangkat etniko ang inilalarawan ng sumusunod na mga katangiang kultural.

1. Naipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa nila ng Hagdan-hagdang Palayan gamit ang kanilang mga kamay lamang
2. Itinuturing na makukulay na Ita
3. Mahilig sa mga pagkaing may sili at gata
4. Kilala sa pagiging matipid at masinop
5. Mahilig sa musika at magaling gumawa ng gitara
6. Malumanay at malambing magsalita kaya't hindi nakikitaan ng pagkagalit sa kanilang pananalita
7. Naglalagay ng disenyong sarimanok sa kanilang mga bahay
8. Kilala sa kanilang kagalingan sa pagluluto ng masasarap na pagkain
9. Mas higit na binibigyang-halaga ang pag-aaral ng Koran
10. Nagsusuot ng bakol, isang uri ng sombrero na gawa sa hinabing dahon ng palmera

II. Isulat sa sagutang papel kung anong pangkat ng mga dayuhan ang nagkaloob ng sumusunod na mga impluwensiya o kontribusyon sa ating kultura.

1. Sila ay nagdala ng relihiyong Islam.
2. Nagturo sila sa mga Pilipino ng pagpapahalaga sa edukasyon at kalusugan.
3. Sa kanila natin natutunan ang pagkain ng siopao at pansit.
4. Ang kanilang pinakamagandang naging kontribusyon sa mga Pilipino ay ang Kristiyanismo.
5. Natutunan natin sa kanila ang paggamit ng sarong at putong.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

III. Piliin kung saang rehiyon matatagpuan ang mga pangkat etniko. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

| A. Luzon | B. Visayas | C. Mindanao |
|---|---|---|

1. Tagalog
2. Ivatan
3. Bagobo
4. Waray
5. Yakan
6. Ilonggo
7. Kapampangan
8. Subanen
9. Ilokano
10. Bikolano

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## ARALIN 13 Mga Pamanang Pook

### PANIMULA

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang kultura ng iba't ibang pangkat etniko ng bansa na bunga ng migrasyon, kalakalan, at pananakop sa Pilipinas.

Sa araling ito, matututunan mo ang mga pamanang pook na nagsisilbi ring mahalagang saligan ng pagkakakilanlang Pilipino. Mahalagang malaman at matukoy ang mga pamanang pook na ito upang lubos na mapangalagaan at patuloy na maipakilala sa mamamayang Pilipino ng kasalukuyang panahon.

Sa araling ito, inaasahang matutukoy mo ang mga pamanang pook bilang bahagi ng pagkakakilanlan ng kulturang Pilipino.

### ALAMIN MO

Ano-anong lugar sa Pilipinas ang napuntahan mo na? Marahil kung di mo napuntahan ang mga pook na may kinalaman sa ating kultura ay nakita mo na ang mga ito sa larawan. Bilang mag-aaral, mahalagang malaman mo kung bakit hinahangaan ang mga lugar na ito. Maipagmamalaki mo rin ba ang mga ito?

Ilan sa maipagmamalaki ng bansa ang hagdan-hagdang palayan sa Banaue, ang mga lumang estruktura sa Vigan sa Ilocos Sur, at ang mga simbahan na gawa sa *baroque*. Ang baroque ay isang uri ng disenyong pang-arkitektural na nagmula sa Italya, na gumagamit ng pinta, eskultura, at karagdagang dekorasyon sa arkitektura. Kaya mo bang ilarawan ang mga ito? Alam mo ba kung gaano katagal at paano sila naitayo? Pasyalan natin ang mga pook na ito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Hagdan-hagdang Palayan

Napag-aralan mo na nabuo ng mga Ifugao ang hagdang-hagdang palayan gamit ang kanilang mga kamay lamang. Kahanga-hanga hindi ba? Mahigit 200 taon nila itong ginawa.



http://tour2philippines.blogspot.com/2012/04/banaue-rice-terraces.html

Alam mo ba na matatarik at matataas na bundok ang makikitang tanawin sa Hilagang Luzon? Ngunit sa kabila ng mga katangiang ito, nalikha ng mga Ifugao ang hinahangaan ng buong mundo sa ngayon na hagdan-hagdang palayan. Nang makita ito ng mga Amerikano, tinawag nila itong *rice terraces* at isinalin natin sa wikang Tagalog na hagdan-hagdang palayan.

Ang hagdan-hagdang palayan ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Luzon sa Pilipinas. Ito ay may habang 18,500 milya. Ang bawat andana ng lupa ay may taas na dalawa hanggang tatlong metro. Tinuturing na mas mataas ito sa pinakamataas na gusali sa buong mundo.

## Mga Lumang Estruktura sa Vigan

Matatagpuan ang Vigan sa bukana ng ilog ng Abra, hilagang kanluran ng baybaying Luzon. Dahil sa magandang lokasyon nito, naging mahalaga ang bahaging ginampanan ng Vigan sa kalakalan noong panahon ng katutubo hanggang ikalabing-siyam na siglo.

Makikita sa pagkakaayos ng bayan ng Vigan ang malaking impluwensiya ng mga Espanyol. Magkakalapit o magkakatabi ang simbahan, munisipyo, at plasa, palatandaan na nasakop ito ng mga Espanyol.

Kitang-kita rin ang pagtatangi-tanging panlipunan noong panahon ng Espanyol. Ang bahay ng mga ilustrado at mestiso ay nakatayo malapit sa simbahan, munisipyo, at plasa.



http://tourismo-filipino.net/phil-destinations/

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Makikita sa lalakarang kalye ang mga *brick* na mahigit isang siglong taong gulang na. Taglay ng bayan ng Vigan ang pinag-isang disenyo at konstruksiyon ng mga estruktura sa ibang bansa. Kapansin-pansin ito sa mga bahay na matatagpuan dito. Isa itong modelo ng pagpapanatili ng pagkakakilanlan at kasaysayan ng bansa.

Paano nga ba nabuo ang mga bahay rito? Noong panahon ng mga katutubo, ang mga bahay ay yari sa kahoy, kawayan, kogon, at nipa. Ngunit, madali itong nasisira kapag may bagyo. Ikalabing-pitong siglo nang ituro ng mga Espanyol ang paggawa ng bahay na yari sa bato at *lime mortar*.

## Mga Lumang Simbahan

### Simbahan ng San Agustin

Ang simbahan ng San Agustin na matatagpuan sa Intramuros ay maihahalintulad sa naggagandahang mga simbahan sa ibang bansa. Ang kasalukuyang simbahan ng San Agustin na itinayo noong 1598 kasama na ang monasteryo, ay kumakatawan sa pagkamaharlika at katatagan noong panahon ng mga Kastila. Bawat makakita ay humahanga sa marilag at malaking gusali ng simbahan. Ang pinto sa harapan nito ay puno ng dibuhong bulaklak ng rosas.


https://augustinianchurches.wordpress.com

Malapit sa altar ay makikita ang pulpito na may disenyong pinya, malaking organo, at upuan ng mang-aawit na gawa sa nililok na *molave* na pinalamutian ng *ivory*. Kaakit-akit ding masdan ang labing-anim na pares ng malalaki at maniningning na aranya na nagmula pa sa Paris.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Simbahan ng Paoay

Ang simbahan ng Paoay sa Ilocos Norte ay isa sa mga simbahan na kilala sa ibang bansa. Ito ay gawa sa mga hinubog na korales at *bricks*. Ito ay natapos sa loob ng isang daan at siyamnapung taon. Sinimulan ito noong 1704 at natapos noong 1894.



http://www.trekearth.com/gallery/Asia/Philippines/Ilocos/



## GAWIN MO

### Gawain A

Basahin ang mga pamanang pook na matatagpuan sa Pilipinas. Kopyahin sa notbuk at punan ng mga kaukulang datos.

| Mga Pamanang Pook | Lalawigan kung saan ito matatagpuan | Katangian |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

### Gawain B

Magpangkat-pangkat sa apat. Pipili ang bawat pangkat ng kanilang gawain.

- Unang Pangkat — Pagsasagawa ng poster tungkol sa Hagdan-hagdang Palayan at pagsulat ng maikling paglalarawan tungkol dito
- Ikalawang Pangkat — Pagsasagawa ng isang kalendaryo na nagpapakita at naglalarawan ng mga lumang estruktura na matatagpuan sa Vigan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ikatlong Pangkat — Pagsasagawa ng isang palatuntunan na nagpapakilala sa kagandahan at katatagan ng simbahan ng Paoay
- Ikaapat na Pangkat — Pagsasagawa ng isang *video* na nagpapakita at naglalarawan ng natatanging katangian ng simbahan ng San Agustin

### Gawain C

Sa iyong naging paglalakbay sa mga pamanang pook sa Pilipinas, alin sa mga ito ang lubusang nagpahanga sa iyo? Bakit?



## TANDAAN MO

- Ang mga pamanang pook ay may malaking ambag sa pagkakakilanlan ng kulturang Pilipino.
- Ipinakikita ng mga pamanang pook ang kagandahan at katatagang taglay ng bawat estruktura.



## NATUTUHAN KO

Hanapin sa hanay B ang pook o lugar na inilalarawan sa hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. Mahigit 200 taon itong ginawa at tanging mga kamay lamang ang ginamit ng mga Ifugao sa pagbuo nito | A. Simbahan ng Paoay |
| 2. Yari ito sa korales at *bricks* | B. Hagdan-hagdang Palayan |
| 3. Sa lugar na ito magkakalapit ang simbahan, plasa, at munisipyo | C. Simbahan ng San Agustin |
| 4. Sinasagisag nito ang pagkamaharlika at katatagan ng kulturang Pilipino | D. Vigan |
| | E. Palawan |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 14 Pagsulong at Pag-unlad ng Kultura

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang iba't ibang halimbawa ng kulturang Pilipino sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas, ang mga kontribusyon ng iba't ibang pangkat etniko, at ang mga pamanang pook bilang bahagi ng pagkakakilanlang kultural ng Pilipino. Bilang isang mag-aaral, may tungkulin at pananagutan ka upang maisulong at mapaunlad ang ating kultura.

Sa aralin na ito, inaasahang:

1. Matutukoy mo ang mga taong tumulong sa pagsulong ng kulturang Pilipino
2. Makagagawa ka ng mga mungkahi sa pagsusulong at pagpapaunlad ng kulturang Pilipino

## ALAMIN MO

Maraming Pilipino sa iba't ibang panahon ang tumulong sa pangangalaga at pagpapaunlad ng ating kultura. Natatangi ang kanilang kontribusyon sa kani-kanilang larangan. Kaya naman, mahalagang gawin silang modelo o uliran sa pagpapalaganap ng kulturang Pilipino.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Panitikan



http://en.wikipedia.org/wiki/

*Jose Rizal*

Kilala sa larangan ng panitikan sina Dr. Jose Rizal, Marcelo H. del Pilar, Graciano Lopez Jaena, at Francisco Baltazar. Isinulat ni Dr. Jose Rizal ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, mga nobelang tumutuligsa sa pagmamalabis ng mga Espanyol sa Pilipinas.



http://opac.filipinaslibrary.org.ph/

*Graciano Lopez-Jaena*

Isa ring tanyag na manunulat si Graciano Lopez Jaena na naging patnugot ng *La Solidaridad*, ang opisyal na pahayagan ng mga repormista at propagandista noong panahon ng Espanyol.

Itinatag naman ni Marcelo H. del Pilar ang *Diariong Tagalog* at naging patnugot nito. Isinalin niya sa wikang Filipino ang tanyag na tulang *El Amor Patria* na isinulat ni Jose Rizal.



http://www.plaridel302.org/

*Marcelo H. del Pilar*

Kilala rin sa larangan ng balagtasan si Francisco "Balagtas" Baltazar. Sumulat siya ng maraming tula at tinanghal siyang "Prinsipe ng Makatang Tagalog." Ang kaniyang *Florante at Laura* ay itinuturing na isang obra maestra.

Tinaguriang "Ama ng Balarilang Pilipino" si Lope K. Santos. Si Amado V. Hernandez naman ang tinaguriang "Ama ng Dulang Manggagawang Pilipino." Ang kaniyang mga akda ay patungkol sa kalagayan ng mga manggagawa. Tinagurian namang "Ama ng Sarsuwelang Tagalog" si Severino Reyes dahil sa taglay niyang kahusayan sa pagsulat ng mga dula at kuwentong pambata. Ginamit niya ang sagisag na *Lola Basyang* sa kaniyang mga panulat.



http://en.valka.cz/viewtopic.php

*Francisco Baltazar*

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pagpinta

Isa sa mga natatanging Pilipino sa larangan ng pagpinta si Juan Luna. Nagwagi sa ibang bansa ang kaniyang obra maestra na *Spoliarium*. Inilarawan dito ang madugong labanan ng mga *gladiators* sa Roma. Pinatunayan ni J. Luna sa buong mundo ang husay ng mga Pilipino sa larangan ng pagpinta. Siya rin ang nagpinta ng "Sanduguan" o *Blood Compact*.



http://freewayonline.com.ph/juan-luna-biography/

*Juan Luna*

Tinaguriang pinakamahusay na pintor sa loob ng tatlong siglo si Damian Domingo. Kauna-unahan siyang Pilipinong pintor na nagpakadalubhasa sa sekular na pagpipinta. Sa paggawa ng kaniyang kanbas, isinabuhay niya ang mga di-relihiyosong tema.

Nakilala naman si Carlos "Botong" Francisco sa kaniyang estilo sa pagpinta o pagguhit ng mga larawan sa pader. Matatagpuan ang kaniyang *mural paintings* sa Manila City Hall, Philippine General Hospital, at sa Far Eastern University.



http://en.wikipedia.org/

*Carlos "Botong" Francisco*

Si Fernando Amorsolo ang pinaka-dakilang pintor sa lahat ng panahon. Ginawaran siya ng parangal ng *National Commission on Culture and Arts* bilang *National Artist of the Philippines*. Naging tanyag ang kaniyang pinta ng mga tanawin at mga pangyayari na may kinalaman sa pambansang kasaysayan ng Pilipinas.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Paglilok o Eskultura

Nakilala si Guillermo Tolentino noong panahon ng mga Amerikano. Ginawa niya ang monumento ni Andres Bonifacio sa Caloocan at ang *Oblation* sa Unibersidad ng Pilipinas. Siya rin ang gumawa ng bantayog nina Padre Jose Burgos, Jacinto Zamora, at Mariano Gomez; at mga Pangulong Quezon, Magsaysay, Laurel, Osmeña, at Roxas.

Si Eduardo Castrillo naman ay isang makabagong eskultor na lumililok sa metal. Ginawa niya ang malaking estatwa ni Kristo kasama ang kaniyang mga apostol sa Huling Hapunan sa Loyola Memorial Park sa Lungsod ng Marikina. Si Napoleon Abueva naman ang lumilok ng malahiganteng anyo ng Christ's Transfiguration sa Eternal Gardens na isang libingan.

## Arkitektura

Itinuring na Pambansang Alagad ng Sining o *National Artist* sa larangan ng arkitektura si Leandro Locsin. Ang mga kahanga-hangang nagawa niya na lubos na nagpamalas ng kaniyang galing at talino ay ang Cultural Center of the Philippines, Philippine Plaza, Catholic Chapel sa Unibersidad ng Pilipinas, at ang palasyo ng Sultan ng Brunei Darussalam. Si Juan Nakpil naman ang nagpanumbalik sa dating anyo ng bahay ni Jose Rizal.

## Musika

Nakilala bilang "Ama ng Sonata" si Nicanor Abelardo. Isa siyang manunulat ng mga awitin sa pelikula at entablado. "*Cinderella Overture*," "Nasaan ka, Irog," at "Mutya ng Pasig," ang mga naging bantog niyang kundiman.

Kilala rin at tinaguriang *Asia's Queen of Songs* si Pilita Corrales. Kilala rin sa buong daigdig si Cecile Licad sa kaniyang galing sa pagtugtog ng piyano. Nakamit niya ang Leventritt Award, isang pandaigdig na pagkilala sa larangang ito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sayaw

Nanguna sa larangan ng sayaw si Francisca Reyes Aquino. Matiyaga siyang nagsaliksik at nag-aral tungkol sa mga katutubong sayaw ng mga pangkat etniko gayundin ng kanilang mga katutubong kasuotan.

Kinilala rin sa iba't ibang panig ng mundo ang kahusayan at kagalingan ni Lisa Macuja-Elizalde bilang *prima ballerina*. Sinikap niyang ibahagi sa mga kapuwa Pilipino ang kaniyang kaalaman sa pagsayaw ng *ballet*.

## Tanghalan at Pelikula

Si Atang dela Rama ay kilala sa pag-arte sa larangan ng entablado, samantalang si Abelardo Avellana naman ay sa pagdirehe ng mga palabas na pang-entablado di lamang sa bansa kundi maging sa ibang panig ng mundo.

Ipinagmamalaki naman hanggang sa kasalukuyan ang kagalingan sa pagganap bilang "Kim" ng *Miss Saigon* si Lea Salonga. Tinanggap din niya ang mga pagkilala mula sa *Laurence Olivier Awards* sa United Kingdom at *Tony Awards* na ginanap naman sa Broadway sa New York.

## Pagandahan at Palakasan

Kinikilala ang angking kagandahan at talino ng mga Pilipina sa buong mundo. Marami sa kanila ang nakapagbigay ng karangalan sa Pilipinas sa larangan ng pagandahan. Kabilang dito sina Gloria Diaz na itinanghal bilang Ms. Universe noong 1969, at si Margie Moran-Floirendo noong 1973, Kinilala naman bilang Ms. International sina Gemma Cruz-Araneta noong 1964; Aurora Pijuan, 1970; Melanie Marquez, 1979; at Precious Lara Quigaman noong 2005.

Sa larangan ng palakasan, nariyan sina Lydia de Vega-Mercado at Elma Muros Posadas sa pagtakbo; Eugene Torre sa *chess*; Paeng Nepomuceno sa *bowling*; Eric Buhain at Akiko Thompson sa paglangoy; Efren "Bata" Reyes sa bilyar; at sina Jennifer Rosales at Dorothy Delasin sa *golf*.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.
DEPED COPY

## Agham at Teknolohiya

Si Dr. Eliodoro Mercado ay nakilala sa larangan ng panggagamot ng ketong; si Dr. Pedro Lantin ay isang espesyalista sa tipus; at si Dr. Miguel Cañizares sa larangan ng panggagamot sa *tuberculosis*.

Si Dr. Eduardo Quisumbing ay nag-aral ng iba't ibang uri ng halaman at bulaklak at kaniyang natuklasan ang halamang gamot na mabuti para sa kanser. Isang malaking tulong ang kaniyang natuklasan sa pagsugpo ng pagkalat ng mga *cancer cells*. Siya ay ginawaran ng karangalan bilang Pambansang Siyentipiko.



## GAWIN MO

### Gawain A

Sagutin ang mga sumusunod. Ibahagi sa klase.

1. Ano-ano ang dapat gawin upang lubusang mahubog at makilala ang iyong talento o kasanayan?
2. May kagalingan ka sa pag-awit o pagsayaw, ngunit hindi ito naaayon sa iyong hilig. Ano ang isasagawa mong plano ukol dito?
3. Nais mong paunlarin ang iyong kasanayan sa pagguhit at paglilok. Ano-anong hakbang ang iyong gagawin para lubusan itong mapaunlad?
4. Nasa isang museo ka at napahanga ka sa mga pinta ng iyong hinahangaang si Juan Luna. Sa paanong paraan mo ito lalong maipagmamalaki sa iyong mga kaibigan?

### Gawain B

Sa paanong paraan ka makatutulong sa pagsusulong at pagpapaunlad ng ating kultura? Sumulat ng sanaysay tungkol dito. Gawin sa malinis na papel.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain C**

Kopyahin at tapusin ang pangungusap.

Magiging tagapagsulong at tagapag-unlad ako ng ating kultura sa pamamagitan ng ______________________________.



## TANDAAN MO

- Ang kultura ay nagpapakilala sa kakanyahan at kakayahan ng mga Pilipino.
- May mga natatanging Pilipino na nagpakita ng pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kulturang Pilipino.



## NATUTUHAN KO

Kopyahin ang tsart sa papel. Punan ng mga natatanging Pilipino na tumulong sa pagpapaunlad ng ating kultura. Maaaring magdagdag ng mga pangalan sa talaan.

| Pag-awit | Pagsayaw |
|---|---|
| | |
| **Palakasan** | **Pagandahan** |
| | |
| **Pagpinta** | **Arkitektura** |
| | |
| **Paglilok** | **Tanghalan/Pelikula** |
| | |
| **Panitikan** | **Agham at Teknolohiya** |
| | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**ARALIN 15**

# Ang Kultura at Pagbubuo ng Pagkakakilanlang Pilipino

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, tinalakay ang mga Pilipinong nagsumikap upang lalong mapaunlad at maisulong ang kultura ng bansa. Marami sa kanila ang nakilala hindi lamang sa bansa kundi maging sa iba't ibang panig ng mundo.

Sa araling ito, pag-aaralan ang tungkol sa mga kakaibang katangian at tradisyon ng mga Pilipino; at ang naging bahagi ng kultura sa pagkakaroon ng pagkakakilanlan ng lahing Pilipino. Inaasahang masusuri mo ang bahaging ginampanan ng kultura sa pagbuo ng pagkakakilanlang Pilipino.

## ALAMIN MO

Maraming kanais-nais na ugali at katangian ang mga Pilipino na siyang pinagkaiba niya sa ibang lahi sa mundo. Ipinamana sa atin ang mga gawi at katangiang ito at ipinagmamalaki natin bilang mga Pilipino.

Kilala ang mga Pilipino sa iba't ibang kaugalian, tradisyon, at pagkain. Alam mo ba ang iba pang mga katangian ng isang Pilipino? Subukin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagbilog sa mga katangian na makikita sa palaisipan sa susunod na pahina. Maaaring pahalang o patayo ang ayos nito. Umpisahan ang paghahanap!

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | I | S | T | E | M | A | N | G | M | A | Y | P | A | D | R | I | N | O |
| E | G | E | N | E | A | O | U | C | B | A | Y | A | N | I | H | A | N | M |
| A | W | F | A | A | P | P | Y | O | A | R | R | K | L | A | B | W | R | M |
| A | S | D | F | G | H | J | J | K | K | U | Y | I | O | A | M | A | Y | A |
| L | K | J | H | G | F | S | A | D | R | T | Y | K | S | P | M | U | B | P |
| L | M | Y | D | E | B | E | V | A | N | C | P | I | D | E | A | S | D | A |
| O | P | O | H | P | I | O | U | E | I | G | E | S | A | L | G | H | J | G |
| V | M | A | A | W | A | I | N | E | H | I | C | A | X | O | Q | W | E | B |
| I | O | P | S | R | A | C | P | A | A | T | T | M | B | V | Y | U | I | I |
| M | A | B | U | T | I | N | G | P | A | G | S | A | S | A | M | A | S | I |
| W | A | U | E | R | D | U | S | S | Y | M | P | N | A | N | P | O | Y | A |
| P | A | G | G | A | L | A | N | G | T | O | H | P | M | P | G | F | A | Y |

Nahanap mo ba ang mga natatanging katangian ng mga Pilipino? Kahanga-hanga ang iyong galing. Talagang nagpapatunay lamang na lubos mong kilala ang katangian ng iyong kultura.

## Iba't Ibang Katangian ng mga Pilipino

May malapit na ugnayan ang pamilyang Pilipino. Binubuo ito ng mga lolo at lola, magulang, at kanilang mga anak. Bilang pinuno ng pamilya, iginagalang ang ama at siya ang gumagawa ng huling pagpapasiya. Nagtatrabaho siyang mabuti para sa kaniyang pamilya. Tumutulong din ang ina sa paghahanapbuhay at siyang namamahala sa gastusin ng pamilya. Minamahal din siya at ginagalang tulad ng ama. Tumutulong sa gawaing bahay ang lahat ng mga miyembro ng pamilya. Ang mga lolo at lola ang tagapayo. Mahalaga ang kanilang opinyon sa bawat miyembro ng pamilya.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Malaki ang paggalang ng mga anak sa kanilang mga magulang. Hindi tama para sa mga bata ang gumawa ng desisyon nang hindi kumukonsulta sa kanilang magulang lalo na kung nakaasa pa sila sa mga ito. Ang batang sumasagot sa kanilang magulang o sa nakatatanda sa kaniya ay itinuturing na kawalang-galang. Dapat gamitin ang "po" kapag nakikipag-usap sa matatanda tulad ng lolo at lola.

Lubhang maawain at mapagbigay ang mga Pilipino lalo na kung tumutulong sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay. Handa silang makiramay at magbigay ng suportang emosyonal. Bukod dito, tumutulong din ang mga Pilipino sa pangangailangang pinansiyal, kahit pa sapat lamang ang kita nila. Para sa mga hindi makapagbigay ng tulong pinansiyal, tumutulong sila sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang serbisyo. Halimbawa, nag-aabot ng kape at tinapay, naghuhugas ng mga plato, at nag-aasikaso ng mga taong pumupunta sa lamay. Maraming tao ang nakikipaglibing. Ang iba ay sumasama sa paglalakad nang malayo para ipakita ang pakikiramay.

Isa pang katangian ang *pakikisama* na nagpapakita ng pagtutulungan sa paggawa at mabuting pagsasamahan, kung gagamitin nang tama. Karaniwang umaayon ang mga Pilipino sa pananaw ng pangkat at iniiwasan niyang magsalita ng nakasasakit tulad ng pagsasabi ng "hindi" nang walang pasubali. Ito ay upang hindi makasakit ng damdamin ng kasama. Ang katangiang ito ay nakapagpapaunlad ng samahan ng isang grupo.

Kilala rin ang mga Pilipino sa *bayanihan*. Nangangahulugan na handa ang Pilipino sa oras ng pangangailangan, krisis, o kalamidad. Hindi lamang sa pagbubuhat ng kubo o sama-samang pagtatanim o pag-aani nakikita ang bayanihan. May iba't ibang anyo ito sa kasalukuyang panahon. Halimbawa nito ay ang *rescue operation*, kusang-loob na serbisyong pangkalusugan, at pagbibigay ng *relief goods*. Maagap ang mga Pilipino sa pagtulong sa mga taong nangangailangan nang hindi naghihintay ng anumang kapalit. Ang mga Pilipino sa pangkalahatan ay mapagmahal sa kapayapaan. Hangga't maaari, umiiwas sila sa pakikipag-away.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

## Tradisyon

Isa sa mahahalagang tradisyong Pilipino ang *pamamanhikan*. Kalimitang ang pamilya ng babae ang nangangasiwa nito. Ang ikakasal na lalaki at ang kaniyang mga magulang ay dadalaw sa pamilya ng babae para pormal na hingin ang kamay ng dalaga bilang mapapangasawa at para mapag-usapan ang darating na kasalan. Kaugalian nang may dalang regalo ang bumibisitang pamilya (kalimitan ay ang espesyal na niluto ng ina) para sa maybahay.

Isang magandang daan ang pamamanhikan para makaiwas sa isang nakaaasiwang katayuan na ang mga magulang ng ikakasal na lalaki at babae ay magkikita lamang sa unang pagkakataon sa araw ng kasal. Isang magandang daan ito para sa dalawang partido na magkakilala.

Isa ring bahagi ng kulturang Pilipino ang *pagsama-sama ng pamilya*. Karaniwang sa mga pagtitipon nagkakasama-sama ang pamilya gaya ng Pasko, kasalan, pagkamatay ng isang mahal sa buhay, Bagong Taon, at araw ng kapanganakan. May mga pamilya namang nagtitipon-tipon kahit walang espesyal na okasyon. Layunin ng pagtitipon-tipon na mapanatili ang malapit na pag-uugnayan ng mga kasapi ng pamilya na lubhang pinahahalagahan ng mga Pilipino.

Isa pang natatanging kaugaliang Pilipino ang *pagkahilig sa pista*. Karaniwang may handaan tuwing pista sa isang lugar. Maliban sa salo-salo ng pamilya at bisita, may misa, parada, at iba-iba pang programa tuwing pista.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## GAWIN MO

### Gawain A

Isulat sa notbuk ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung ang pahayag ay mali.

1. May malapit na ugnayan ang mga pamilyang Pilipino.
2. Sa isang pamilyang Pilipino, ang ina ang namumuno.
3. Lubhang maawain at mapagbigay ang mga Pilipino, lalo na sa pagtulong sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay.
4. Ang pakikipag-away sa kaibigan at pananakit ng damdamin ang kahulugan ng pakikisama.
5. Ang sistemang padrino ay ang paggamit ng tagapamagitan kung may hindi nagkakasundo.
6. "Bahala na" ang ginagamit na ekspresyon kapag ang tao'y naniniwala na ang kaniyang tagumpay at pagkabigo ay nakasalalay sa suwerte o kapalaran.
7. Ang ugali ng mga Pilipino na tapusin ang mga gawain sa oras ay tinatawag na *mañana habit*.
8. Ang *amor propio* ay tumutukoy sa pagpuna sa sarili.
9. Ang panggagaya ay isang katangian ng mga Pilipino.
10. Taglay ng Pilipino ang mga kanais-nais at di-kanais-nais na katangian.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Gawain B

Itugma ang mga salita o parirala sa hanay B sa mga inilalarawan sa hanay A. Isulat ang letra ng sagot sa notbuk.

**A**

1. nakikisali sa uso o moda
2. maski ano ang mangyari
3. isang tagapamagitan na tumutulong upang malutas ang alitan
4. handang tumulong nang walang hinihintay na kapalit
5. masigasig lamang sa umpisa ngunit di natatapos ang gawain
6. laging ipinagpapaliban ang gawain sa ibang araw
7. pagtatangi sa sarili
8. pinahahalagahan ang pagkakaibigan
9. nakikidalamhati
10. karaniwang nakatira ang mga lolo at lola kasama ang pamilya

**B**

A. malapit na ugnayan ng pamilya
B. unawa
C. pakikisama
D. pamilya
E. padrino
F. bahala na
G. *mañana habit*
H. ningas cogon
I. *amor propio*
J. mentalidad na *bandwagon*

DEPED COPY

## Gawain C

Pangkatang Gawain: *Lights, Camera Action*
Maghati-hati sa apat na pangkat. Suriin ang iba't ibang katangian at tradisyon ng mga Pilipino. Isa-isahin ang epekto at bunga sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng Pilipino.

a. Pakikisama
b. Pagkahilig sa pista
c. Pagkakalapit-lapit ng pamilya
d. Pagiging matulungin


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## TANDAAN MO

- Mayaman at makulay ang kulturang Pilipino.
- Mahalagang bahagi ng ating kultura ang iba't ibang tradisyong Pilipino.
- Ang mga tradisyong ipinamana ay katibayan ng yaman ng kulturang Pilipino.



## NATUTUHAN KO

Kopyahin ang mga bilang. Lagyan ng bituin (☆) ang bilang kung ito ay tumutukoy sa iyo bilang isang Pilipino at buwan (☽) kung hindi.

1. Pagdalo sa mga pista
2. Pagwawalang-bahala sa oras
3. Malikhain
4. Madasalin
5. Magaling makisama
6. Matulungin
7. Nakikiramay
8. Mahilig magsimula ng gawain ngunit hindi tinatapos
9. May pagtatangi sa sarili
10. Panggagaya

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**ARALIN 16**

# Ugnayan ng Heograpiya, Kultura at Kabuhayan sa Pagkakakilanlang Pilipino

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang iba't ibang kultura ng ating bansa na naging daan sa pagkakakilanlang Pilipino. Nalaman mo na maraming magagandang katangian ang dapat panatilihin ng mga Pilipino dahil nagpapakilala ito ng ating kultura sa ibang bansa. Paano nabubuo ang pagkakakilanlang Pilipino? Ano ang kaugnayan nito sa kultura at kabuhayan na natutuhan mo?

Sa araling ito, inaasahang maipakikita mo ang kaugnayan ng heograpiya, kultura, at pangkabuhayang gawain sa pagbubuo ng pagkakakilanlang Pilipino.

DEPED COPY

## ALAMIN MO

Mahalaga bang pag-aralan ang heograpiya? ang kultura? ang kabuhayan?

Ang *heograpiya* ay tumutukoy sa pisikal na katangian ng isang lugar gaya ng klima, lokasyon, hugis, topograpiya, anyong tubig, anyong lupa, at mineral. *Kultura* naman ang tawag sa kaparaanan ng tao sa buhay at kuro o opinyon ng buong lipunan na batay sa kanilang mga karanasan at kinagawian. Ang *kabuhayan* naman ay ang kalipunan ng mga gawain ng tao, pamayanan, at institusyon na may kaugnayan sa paglilikha, pamamahagi, palitan, at pagkonsumo ng mga produkto.

Karaniwan nang iniaasa ng mga Pilipino ang kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan sa kanilang kapaligiran. Halimbawa, pagmimina at pagtotroso ang hanapbuhay kapag sa kagubatan nakatira. Karaniwan sa mga nakatira dito ay may mataas na pagpapahalaga sa kalikasan sapagkat dito



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

sila kumukuha ng ikabubuhay. Sa kagubatan kumukuha ng malalaking kahoy para gawing mga produkto. Sa kagubatan din nakakukuha ng maraming bungangkahoy. Sa kasalukuyan, mahigpit nang ipinagbabawal ng ating pamahalaan ang pagpuputol ng mga puno. Alam mo ba ang dahilan kung bakit? Sapagkat, kapag naputol na ang lahat na puno, wala nang magsisilbing pananggalang sa mga bagyo at pagbaha. Kaya napakahalagang mahalin at alagaan ang ating likas na yaman.

Pagsasaka naman ang pangunahing hanapbuhay ng mga Pilipino na nakatira malapit sa kapatagan. Sa lokasyong ito makikita ang kaibahan ng mga uri ng kabahayan. Karaniwang yari sa bato ang mga bahay rito. Sa lugar na ito makikita ang pagkakalapit ng plasa, simbahan, at pamilihan. Makabago na ang uri ng pamumuhay rito sapagkat karaniwang itinatayo sa kapatagan ang mga naglalakihang *mall*. Ang karaniwang hanapbuhay rito ay ang pagtratrabaho sa mga pabrika at iba pang opisina. Kadalasan ding mataas ang populasyon dito.

Mahalagang salik ang lokasyon sa uri ng hanapbuhay sa isang lugar o rehiyon. Ngunit kung susuriin, ang kultura man ay mahalaga ring isaalang-alang sa pagtukoy sa ikinabubuhay ng mamamayan ng isang lugar. Partikular itong makikita sa ilang pangkat etniko na sama-samang namumuhay sa iisang komunidad at may iisa o parehong paraan ng pamumuhay. Halimbawa ay mga pangkat sa kabundukan na nakagisnan na ang pangangaso upang may pagkain, pagtitinda ng mga bungangkahoy sa kapatagan upang may maipambili ng iba pang pagkain, o di kaya'y paggawa ng katutubong mga palamuti na ipagbibili sa bayan. Gayundin naman sa mga pangkat na nasa baybay-dagat o mismong sa katubigan naninirahan gaya ng mga Samal. Likas sa kanilang kultura ang paninirahan dito kaya't namamayani rin ang pangingisda bilang pangunahing hanapbuhay ng pangkat na ito.

Anumang gawain sa saan mang lokasyon ay higit na mapagtitibay dahil sa kulturang nagbubuklod sa mga pangkat na naninirahan dito. Ang pagpapahalaga sa mga salik na ito ay larawan ng pagkakaisa at pagyakap sa pagkakakilanlang ito ng bawat Pilipino.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## GAWIN MO

### Gawain A

Pangkatang Gawain. Magtalakayan tungkol sa inyong mga barangay. Pumili ng isang barangay at talakayin ang heograpiya at kultura nito. Siyasatin kung may kaugnayan ang kultura sa barangay na ito sa kanilang gawain o kabuhayan. Iulat sa klase ang pagkakaugnay na ito.

### Gawain B

1. Magpangkat-pangkat. Balikan ang aralin 12. Pumili ng isang pangkat etniko. Iugnay ang paglalarawan sa kanila sa kanilang lokasyon o rehiyon at uri ng hanapbuhay. Maaaring kumalap ng karagdagang impormasyon na wala sa aralin.
2. Sagutin: Paano nagkakaugnay ang paglalarawan sa pangkat etniko na inyong napili sa kanilang lokasyon, kultura, at uri ng hanapbuhay?
3. Iulat sa klase.



## TANDAAN MO

- Ang lokasyon ay naglalarawan kung anong uri ng pagkakakilanlan mayroon sa isang pamayanan.
- Inilalarawan din ng lokasyon ang uri ng pamumuhay ng isang lugar.
- Mahalagang salik ang kultura sa paraan ng hanapbuhay at lokasyon ng mga pangkat ng mamamayan.
- May kaugnayan ang lokasyon, kultura at uri ng kabuhayan sa pagkakakilanlan ng Pilipino.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## NATUTUHAN KO

1. Balikan ang dating pangkat.
2. Gumawa ng islogan tungkol sa pagkakaugnay-ugnay ng lokasyon, hanapbuhay, at kultura bilang mahahalagang salik sa pagkakakilanlang Pilipino.
3. Ipaskil sa loob ng silid-aralan. Maaaring magbotohan kung aling pangkat ang may pinakamakahulugang islogan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# ARALIN 17 Pambansang Awit at Watawat bilang mga Sagisag ng Bansa

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, tinalakay ang ugnayan ng heograpiya, kutura, at kabuhayan bilang mga salik sa pagkakakilanlang Pilipino. Naipaunawa na mahalaga ang bahaging ginagampanan ng lokasyon sa uri ng pamumuhay ng mga naninirahan dito. Gayon din ang kulturang kinagisnan nito. Maliban sa mga ito, may mga sagisag pa na nagpapakilala sa ating pagka-Pilipino at kumakatawan sa ating bansa. Ang mga ito ay ang watawat at ang pambansang awit ng Pilipinas.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Matatalakay mo ang kahulugan ng pambansang awit at ng watawat bilang mga sagisag ng bansa
2. Maaawit mo ang pambansang awit ng Pilipinas

## ALAMIN MO

Isang atas sa lahat ng pampublikong paaralan ang pagsali ng bawat mag-aaral sa pagtataas ng watawat o *flag ceremony* tuwing araw ng Lunes. Sumasali ka ba rito? Ano ang nararamdaman mo tuwing inaawit mo ang Lupang Hinirang?

### Ang Pambansang Awit

"Lupang Hinirang" ang pamagat ng pambansang awit ng Pilipinas. Isinasalaysay ng awit ang pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa kalayaan. Ipinahahayag din nito ang pagmamahal sa bayan at ang kahandaang ipagtanggol ito sa anumang pagkakataon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Alam mo na ba ang kahulugan ng mga liriko nito? Awitin natin ang *Lupang Hinirang*.

**Lupang Hinirang**

*Bayang magiliw*
*Perlas ng silanganan,*
*Alab ng puso*
*Sa dibdib mo'y buhay.*
*Lupang hinirang,*
*Duyan ka ng magiting,*
*Sa manlulupig,*
*Di ka pasisiil.*
*Sa dagat at bundok,*
*Sa simoy at sa langit mong bughaw,*
*May dilag ang tula*
*At awit sa paglayang minamahal.*
*Ang kislap ng watawat mo'y*
*Tagumpay na nagniningning,*
*Ang bituin at araw niya*
*Kailan pa ma'y di magdidilim.*
*Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta,*
*Buhay ay langit sa piling mo;*
*Aming ligaya, na 'pag may mang-aapi*
*Ang mamatay nang dahil sa 'yo.*



DEPED C



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang himig ng pambansang awit ng Pilipinas ay ginawa ng piyanistang si Julian Felipe sa kahilingan ni Hen. Emilio Aguinaldo.

Ang orihinal na komposisyon ni Felipe ay pinamagatang "*Marcha Filipina Magdalo*." Tinugtog niya ito sa unang pagkakataon isang araw bago ang pagdeklara ng kasarinlan sa harap ng mga pinuno ng rebolusyon na nagkaisang aprobahan ito.

Noong Hunyo 12, 1898, tinugtog ang komposisyon ni Felipe habang inilaladlad sa unang pagkakataon ang bandila ng Pilipinas sa balkonahe ng mansiyon ni Aguinaldo sa Cavite.

Pinalitan ng *Marcha Nacional Filipina* ang pamagat ng awit nito at agad na naging pambansang awit kahit wala pa itong liriko.

Nang sumunod na taon, isang tula na may pamagat na "Filipinas" na bumagay sa komposisyon ni Felipe ang isinulat ng isang batang sundalo na si Jose Palma.  Ito ang ginawang opisyal na liriko ng pambansang awit.

Noong panahon ng mga Amerikano, isinalin sa Ingles ang liriko ng pambansang awit. Ang unang pagsasalin ay ginawa ni Paz M. Benitez ng Unibersidad ng Pilipinas. Gayunpaman, pinakakilalang bersyon ang isinulat nina Mary A. Lane at Sen. Camilo Osias na kilala bilang "*Philippine Hymn*." Kinilala ito bilang pambansang awit na may lirikong Ingles sa bisa ng Commonwealth Act 382.

Noong mga taong 1940, nagsimulang lumabas ang bersyong Tagalog ng pambansang awit. Noong 1948, inaprobahan ng Kagawaran ng Edukasyon ang "O Sintang Lupa" bilang pambansang awit sa Filipino.

Noong 1954, si Gregorio Hernandez, Jr., Kalihim ng Edukasyon, ay bumuo ng komite para baguhin ang mga liriko ng pambansang awit. Nagawa ang bagong bersyon na pinamagatang "*Lupang Hinirang*." Nagkaroon lamang ito ng kaunting pagbabago noong 1962.

Sa bisa ng isang batas sa mga Bagong Pambansang Sagisag ng Pilipinas noong 1998, nakumpirma ang bersyong Filipino ng pambansang awit.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ayon sa batas, tanging ang bersyong Filipino ng pambansang awit ang dapat gamitin ngayon.

Ang saling kanta sa Filipino ay dapat awitin nang ayon lamang sa tugtog o komposisyon ni Julian Felipe. Dapat madamdamin ang pag-awit ng Lupang Hinirang bilang pag-galang. Lahat ng umaawit nito ay dapat nakaharap sa nakaladlad na pambansang watawat ng Pilipinas (kung mayroon) at kung walang watawat ay dapat nakaharap sa bandang tumutugtog o sa konduktor o tagakumpas. Bilang pagpupugay, ilagay ang kanang kamay sa tapat ng kaliwang dibdib mula sa unang nota ng awit hanggang matapos ito.

Mayaman ang kasaysayang pinagdaanan ng Lupang Hinirang bilang pambansang awit ng Pilipinas at mahalagang matutunan natin itong balikan. Hindi dapat makaligtaan ng bawat Pilipino ang layunin ng pagkakalikha ng Lupang Hinirang na pag-alabin ang damdaming makabayan ng mga Pilipino, sa panahong di pa taglay ng Pilipinas ang wagas na kalayaan. Dapat alalahanin na maraming bayani ang nagbuwis ng buhay upang makamtan natin ang tinatamasang kasarinlan.

## Ang Watawat ng Pilipinas

Isa sa mahahalagang simbolo ng bansa ang watawat ng Pilipinas. Tatlo ang pangunahing kulay nito—bughaw, pula, at puti. Ang bughaw ay para sa kapayapaan na mahalaga sa pag-unlad ng bansa. Ang pula ay para sa kagitingan na nagpapaalaala sa matatag na kalooban ng mga mamamayan. Ang puti naman ay para sa kalinisan ng puri at dangal ng mga Pilipino.

Ang tatlong bituin ay kumakatawan sa tatlong pangkat ng pulo ng Pilipinas—Luzon, Mindanao, at Visayas.

Ang unang bituin ay para sa Luzon na ang pangalan ay mula sa salitang “lusong” na ginagamit sa pagtanggal ng ipa at darak sa palay. Ito ay sumasagisag sa kasipagan ng mga Pilipino.

Ang ikalawang bituin ay para sa Mindanao na ang pangalan ay mula sa “danaw” o lawa. Ito ay sumasagisag sa tungkulin ng mga Pilipino na pangalagaan at ingatan ang kalikasan gaya ng yamang-tubig ng Pilipinas.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang ikatlong bituin ay para sa pulo ng Visayas na ang pangalan ay mula sa salitang "masaya." Ito ay upang laging kabakasan ng saya ang mga kilos at kalooban ng mga Pilipino.

Ang araw sa gitna ng tatsulok ay sumisimbolo sa kaliwanagan ng isipan. Ang walong sinag naman ay kumakatawan sa walong lalawigan na unang naghimagsik upang ipagtanggol ang kalayaan ng bayan— Maynila, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Bataan, Laguna, Batangas, at Cavite.

Ang watawat ng Pilipinas ay natatangi. Naihahayag nito na ang bansa ay nasa digmaan kapag ang pulang kulay ng watawat ay nasa itaas habang nakawagayway.

Ang watawat ng Pilipinas ay dinisenyo ni Emilio Aguinaldo. Ito ay unang tinahi sa loob ng limang araw sa Hongkong nina Marcela Agoncillo, Lorenza Agoncillo, at Delfina Herbosa Natividad.

Iniladlad sa unang pagkakataon ang watawat ng Pilipinas sa bintana ng bahay ni Emilio Aguinaldo noong Hunyo 12, 1898.



## GAWIN MO

### Gawain A

Pagsunud-sunurin ang mga liriko ng *Lupang Hinirang* ayon sa wastong ayos nito. Isulat ang sagot sa notbuk.

1.

| |
|---|
| Alab ng Puso<br>Perlas ng Silanganan<br>Sa dibdib mo'y buhay<br>Bayang magiliw |

2.

| |
|---|
| Duyan ka ng magiting<br>Di ka pasisiil<br>Lupang Hinirang<br>Sa manlulupig |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3.

Ang kislap ng watawat mo'y
May dilag ang tula
Tagumpay na nagniningning
At awit sa paglayang minamahal

4.

Kailan pa ma'y 'di magdidilim.
Buhay ay langit sa piling mo
Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta
Ang bituin at araw niya

5.

Sa manlulupig,
Di ka pasisiil.
Sa dagat at bundok,
Sa simoy at sa langit mong bughaw

DEPED COPY

**Gawain B**

Analohiya. Isulat ang kapareha ng salita batay sa naunang grupo ng salita. Isulat ang sagot sa notbuk.

1. bughaw – kapayapaan; pula – ___________
2. Mindanao – danao; Luzon – ___________
3. 8 sinag ng araw – 8 lalawigang naghimagsik; 3 bituin – ___________
4. disenyo – ___________; tumahi – Delfina Herbosa-Natividad, Marcela Agoncillo at Lorenza Agoncillo
5. ___________ – kulay; 3 – bituin
6. ___________ – sagisag ng bansa; Lupang Hinirang – pambansang awit
7. pagtahi – Hongkong; pagwagayway – ___________
8. Jose Palma – sumulat ng titik; ___________ – naglapat ng tugtog o musika
9. Luzon – kasipagan; Visayas – ___________
10. sinag ng araw – naghimagsik; Araw sa gitna ng tatsulok ___________


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

### Gawain C

Pangkatang Gawain. Ipakita sa pamamagitan ng dula-dulaan ang pagmamahal at paggalang sa ating watawat at pambansang awit.



## TANDAAN MO

- Ang pambansang awit at watawat ay mga sagisag ng ating bansa.
- Ang mga pambansang sagisag ay dapat nating ipagmalaki.
- Nakikilala ang ating bayan dahil sa kaniyang mga sagisag.



## NATUTUHAN KO

Lagyan ng bituin (☆) ang bilang kung wastong gawin at tatsulok (△) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Patuloy sa paglalakad habang inaawit ang pambansang awit.
2. Ilagay ang kanang kamay sa may dibdib habang inaawit ang Lupang Hinirang.
3. Huwag nang tanggalin ang suot na sombrero kahit may *flag ceremony*.
4. Ituloy lamang ang kuwentuhan habang itinataas ang watawat.
5. Tumayo nang tuwid habang inaawit ang pambansang awit.
6. Tiklupin nang maayos ang watawat.
7. Awitin nang wasto at may damdamin ang *Lupang Hinirang*.
8. Ira-*rap* ang pag-awit ng *Lupang Hinirang*.
9. Iingatan na huwag sumayad o bumagsak sa lupa ang watawat.
10. Laging pahalagahan ang paghihirap ng mga ninuno upang makamit ang kalayaan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**ARALIN 18**

# Pagpapahalaga at Pagmamalaki sa Kulturang Pilipino

## PANIMULA

Sa nakaraang aralin, natutuhan mo ang kahulugan ng pambansang awit at watawat bilang mga sagisag ng ating bansa. Mahalaga ring ipagmalaki ang kultura ng bawat rehiyon upang mabatid ang mga kaugalian, produkto, at hanapbuhay ng kapuwa Pilipino.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Makabubuo ng plano na nagpapakilala at nagpapakita ng pagmamalaki sa kultura ng mga rehiyon sa malikhaing paraan
2. Makasusulat ng sanaysay na tumatalakay sa pagpapahalaga at pagmamalaki sa kulturang Pilipino

## ALAMIN MO

Alam mo ba na ang lahat ng bagay na nakapaligid sa iyo ay bahagi ng ating kultura? Bilang isang Pilipino, kailangan mong malaman at ipagmalaki ang iba't ibang kultura ng bansa.

### Materyal at Di-Materyal na Bahagi ng Kultura

Ang kultura ng isang bansa ay binubuo ng dalawang bahagi. Isa rito ang kulturang materyal. Ito ang mga bagay na nakikita, nahahawakan, o naririnig. Halimbawa nito ay ang mga kagamitan, kasuotan, awit, at likhang sining. Kabilang din dito ang mga aklat, kagamitang pangmusika, mga alahas at palamuti sa katawan, mga bantayog, gusali at tahanan, mga uri ng laro, mga tula, sawikain, at kuwento ng kasaysayan at pag-unlad ng bansa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Isa ring uri ng kultura ang mga di-materyal na bagay. Kabilang dito ang mga kaugalian, pamahiin, paniniwala, kilos, at gawi. Isang halimbawa ng kaugalian ang pagluluksa ng mga namatayan sa loob ng siyam na araw.

Isa namang paniniwala ang hindi pagkain ng isang nagdadalang-tao ng kambal na saging. Ganoon din naman ang paniniwala sa kabilang-buhay pag namatay ang isang tao.

Mga halimbawa rin ng di-materyal na bahagi ng kultura ang nakagawiang paglalagay ng tato ng katawan ng ilang pangkat etniko sa bansa. Gayon din ang pagkahilig sa maaanghang na pagkain ng mga Bicolano; paggamit ng matalinghagang mga salita upang maitago ang tunay na damdamin; o ang nakagawiang pamaraan ng paggawa, pagsasalita, o pakikipag-ugnayan sa iba.

Ang kaalaman mo tungkol dito at ang pagnanais mong malaman pa ang mga napapaloob sa maunlad at natatanging kulturang Pilipino ay isang pagpapakita ng pagmamalaki mo rito. Gayon din, mabibigyang-halaga ito sa pamamagitan ng (1) pagkilala na kahit sa panahong sinauna ay mayroon nang ganitong maunlad na uri ng kulturang Pilipino; (2) pagsunod sa mga angkop sa panahong paniniwala at kaugalian; (3) paggamit ng mga angkop na materyal na bahagi nito; at (4) patuloy na pagtuklas ng ilan pang mga halimbawa nito.

Nakakain ka na ba ng adobo? Nakapamista ka na ba? Naranasan mo na bang tumira sa bahay kubo? Nakalaro ka na ba ng sipa o tumbang preso, o nakahuli ng gagamba? Naranasan mo na ba sa iyong mga magulang na kung may darating na bisita, lahat ng mga maayos at magagandang gamit ay inilalabas at ipinapagamit sa bisita? Kung ang lahat ng ito ay iyong naranasan, ito ay dahil bahagi ito ng kultura ng mga Pilipino. Nakatutuwa at nakaaaliw ang iba't ibang kultura natin bilang Pilipino.

Ang kultura ng Pilipinas ay bunga ng pagsasalin-salin mula sa ating mga ninuno at sa mga dayuhang sumakop sa ating bansa. Ang kulturang ito rin ang dapat nating kilalanin at bigyan ng kaukulang pansin. Ikasiya natin at ipagkapuri ang ating kultura.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Paano maipakikita ang pagpapahalaga at pagmamalaki sa kultura? Narito ang ilang kaparaanan.

1. Igalang ang paniniwala at tradisyon ng iba.
2. Igalang ang relihiyong kinamulatan ng bawat isa.
3. Laging sikaping gamitin ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan.
4. Igalang ang mga pangkat etniko sa kanilang kasuotan.
5. Igalang at ipagmalaki ang kulturang kinagisnan ng mga pangkat etniko.
6. Pag-aralang lutuin at kainin ang mga pagkaing Pinoy.
7. Tuklasin at paunlarin ang iyong talento at iambag ang iyong kakayahan sa pagpapaunlad ng ating kultura.
8. Pag-aralan ang mga katutubong sayaw, awitin, at sining at sikaping maipakita ang mga ito sa iba't ibang pagtatanghal.
9. Tangkilikin ang mga produktong gawang Pilipino.
10. Patuloy na magsaliksik at pag-usapan ang mayamang kultura ng bansa.
11. Awitin nang may damdamin at pagmamalaki ang *Lupang Hinirang*.
12. Igalang ang watawat ng bansa bilang pangunahing sagisag nito.
13. Laging tangkilikin ang mga larong Pinoy gaya ng tumbang preso, patintero, at palosebo.
14. Ipagmalaki ang mga natatanging kaugalian ng mga Pilipino gaya ng pakikisama, bayanihan, at pakikiramay.
15. Puntahan o ipamahagi sa iba ang mga naggagandahang tanawin at pamanang pook ng bansa.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## GAWIN MO

### Gawain A

Gamit ang datos sa Aralin 12, muling kilalanin ang kultura ng bawat rehiyon. Kopyahin ang *data retrieval chart* sa notbuk at isulat dito ang hinihinging datos. Sundin ang halimbawa.

| Rehiyon | Materyal | Di–Materyal |
|---|---|---|
| Rehiyon I at II | paggawa ng gitarang kutibeng | masinop at matipid |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

### Gawain B

Pangkatang Gawain. Paano mo maipagmamalaki ang kultura ng iyong rehiyon? Ipakita sa pamamagitan ng *Role Playing*.

Pangkat I — Luzon
Pangkat II — Visayas
Pangkat III — Mindanao

### Gawain C

Sumulat ng sanaysay hinggil sa pagpapahalaga at pagmamalaki sa kulturang Pilipino.

DEPED COPY

## TANDAAN MO

- Ang bawat rehiyon sa ating bansa ay may natatanging kultura.
- Karapat-dapat na makilala at ipagmalaki ang kultura ng bawat rehiyon.


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## NATUTUHAN KO

Basahin ang bawat sitwasyon. Sagutin at bigyang-katuwiran ang iyong sagot.

1. Ang iyong kamag-aaral na si VM ay nagyaya na maglaro ng tumbang preso at patintero, samantalang si Pia ay nagyaya na maglaro ng *computer games*. Kanino ka sasama para maglaro? Bakit?
2. Naglakbay ang iyong mag-anak patungong Baguio. Bigla kayong nakaramdam ng gutom. Nais ng iyong kapatid na bunso na bumili ng *fried chicken* sa *mall* samantalang nais ng iyong ate na kumain ng sinigang na isda at adobo. Aling pagkain ang iyong pipiliin? Bakit?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Talahuluganan

**A**

**ahensiya** – sangay ng pribado at pampublikong tanggapan/opisina.

**altitud** – kataasan ng isang lugar.

**arkipelago** – tumutukoy sa pangkat ng mga pulo, tinatawag din itong kapuluan.

**B**

**batid** – alam.

**bukal** – anyong tubig na nagmumula sa ilalim ng lupa.

**bulkan** – mataas na bahaging lupa na may bunganga sa tuktok.

**bundok** – mataas na bahagi ng anyong lupa; pinakamataas na anyong lupa.

**burol** – mataas na lupa na mas mababa sa bundok; pabilog ang itaas nito.

**C**

***climate change*** – hindi pangkaraniwang pangyayari sa kalikasan na maaaring makapagpabago sa komposisyon ng atmospera.

**curfew** – uri ng ordinansa na naglilimita ng oras ng pamamalagi sa labas ng lansangan.

**D**

**dagat** – bahagi ng karagatan.

**dayuhan** – banyaga/mga bagong dating sa lugar o bayan; tawag sa mga tao na hindi Pilipino o may ibang nasyonalidad.

**delegasyon** – pangkat ng mga delegado upang katawanin ang isang pangkat (na pampulitika o panlipunan) sa isang kalipunan o pagtitipon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

***demographic map*** – mapang pampopulasyon.

**Department of Environment and Natural Resources** – isang ahensiya o departamento ng pamahalaan na nangangasiwa at nag-aalaga sa kapakanan ng kalikasan at mga likas yaman ng bansa.

**di-materyal na kultura** – ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanapbuhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura. Ang mga ito ay nagpasalin-salin sa iba't ibang panahon.

**diskriminasyon** – pagtatangi, di parehong pakikitungo.

***dual citizenship*** – ang mga dating mamamayang Pilipino na naging mamamayan ng ibang bansa sa pamamagitan ng naturalisasyon ay muling naging mamamayang Pilipino.

**E**

**ehekutibo** – tagapagpaganap, tagapangasiwa.

**eksplorasyon** – pagsisiyasat sa mga pook o lugar na hindi pa alam, pagsasaliksik, pagtuklas.

**epekto** – naging bunga at sanhi ng mga pangyayari.

**estero** – bahagi ng bunganga ng ilog na tagpuan ng agos at dagat, kanal.

***expatriation*** – Itinakwil ang kaniyang pagkamamamayan at nag-angkin ng pagkamamamayan ng ibang bansa.

**G**

***global warming*** – lubhang pag-init ng atmospera dulot ng mga makabagong makinarya na ginagamit sa mga pabrika na nagbubuga ng mga usok na nagiging dahilan ng pagkasira ng *ozone layer*.

**golpo** – bahagi ng karagatan na karaniwang nasa bukana ng dagat.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## H

**hanging amihan** – malamig na hanging buhat sa hilagang-silangan.

**hanging habagat** – hanging mainit buhat sa timog-kanluran.

**hanging *monsoon*** – paiba-ibang direksiyon ng ihip ng hangin batay sa kung saang lokasyon mas mainit o malamig.

***hazard map*** – mapang nagpapakita ng mga lugar na may panganib sa kalamidad tulad ng lindol, bagyo, baha, *tsunami*, pagguho ng lupa.

## I

***illegal logging*** – bawal at walang habas na pagputol ng mga puno

**ilog** – mahaba at paliko-likong anyong tubig na tumutuloy sa dagat.

**impluwensiya** – pagtulad o paggaya sa mga bagay o gawi ng mga dayuhan.

**industriyalisasyon** – pagbabago at pag-unlad ng lugar at kapaligiran.

***informal settler*** – sinumang naninirahan sa isang bahay o pook nang walang pahintulot o hindi niya dapat tirhan.

**irigasyon** – pagpapalabas ng tubig sa mga lupaing taniman sa pamamagitan ng mga ginawang kanal o patubig.

## J

***Jus sanguinis*** – pagkamamamamayan na naaayon sa dugo o pagkamamamamayan ng kaniyang mga magulang o isa man sa kanila.

***Jus soli*** – pagkamamamamayan na naaayon sa lugar ng kaniyang kapanganakan anuman ang pagkamamamamayan ng kaniyang mga magulang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**K**

**kakayahan** – taglay na abilidad o kagalingan sa pamumuno.

**kalakal** – bagay na ibinibenta, ipinapalit, at iniluluwas sa loob at labas ng bansa.

**kalamidad** – kapahamakan.

**kapaligiran** – kabuuan ng mga kondisyon na pumapaligid at nakaiimpluwensiya sa isang organismo (Agno).

**kapatagan** – malawak at patag na lupang sakahan; malawak na lupain na patag at mababa.

**kapayapaan** – pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng bansa.

**karagatan** – pinakamalalim, pinakamalawak, at pinakamalaki sa lahat ng anyong tubig.

**karapatan** – anumang bagay o mga paglilingkod na tinatamasa dapat tamasahin ng isang tao na naaayon sa batas; mga kapakinabangan o pribilehiyo na tinatamasa ng bawat kasapi.

**karapatan ng nasasakdal** – Ito ang mga karapatang nangangalaga sa nasasakdal sa anumang kasalanan upang mabigyan ang mga ito ng makatarungang paglilitis.

**karapatang politikal** – Ito ay mga karapatang nauukol sa ugnayan ng mamamayan sa pamahalaan.

**karapatang panlipunan at pangkabuhayan** – Ito ay mga karapatang nakatutulong sa pangangalaga ng kapakanan at kabuhayan ng mga mamamayan.

**karapatang sibil** – mga karapatang nauukol sa pagtamasa ng mga mamamayan ng kapayapaan at kaligayahan sa buhay.

**kipot** – makipot na anyong tubig na nagdurugtong sa dalawang malaking anyong tubig.

**komentaryo** – paglalahad ng kuro-kuro, puna, o opinyon.

**kooperatiba** – samahang pangkalakal na itinatag ng lima o higit pang kasapi na ginagamitan ng puhunan ng bawat kasapi at nagbabalik ng tubo sa puhunan o pinamili.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**kultura** – paraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang lugar; nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang mamamayan.

## L

**lambak** – patag na lupa sa pagitan ng mga bundok.

**lawa** – anyong tubig na halos napapaligiran ng lupa.

**libelo** – paninirang-puri.

**likas kayang pag-unlad** – pagtungo sa pangangailangan at aspirasyon ng mga tao nang hindi kinukompormiso ang abilidad ng susunod na henerasyon na makamit ang kanilang pangangailangan.

**likas na karapatan** – karapatang ipinagkaloob ng Diyos sa tao upang makapamuhay nang matiwasay at maligaya.

**likas na yaman** – mga pananim, hayop, halaman, at iba pang pinagkukunang yaman na makikita sa mga anyong-lupa at anyong-tubig.

**lipunan** – binubuo ng iba't ibang kasapi.

**liriko** – pagpapahayag ng damdamin at emosyon.

**lisensiya** – kapahintulutan o laya sa paggawa ng anuman na nakukuha sa mga awtoridad upang maisagawa ang isang negosyo, propesyon, o iba pang gawain.

**look** – bahagi ng dagat na nakapasok sa baybayin nito.

## M

**magsasaka** – isang taong nagsasaka sa bukid o bahagi ng anyong lupa.

**makabuluhan** – may saysay.

**mangingisda** – isang taong nangingisda sa mga bahagi ng anyong tubig.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**mapagkawanggawa** – matulungin sa kapuwa/walang pinipiling tutulungan.

***maritime*** – insular; tumutukoy sa mga katubigang nakapaligid sa isang bansa.

**masusi** – matagal na pinag-iisipan ang mga plano o mga gagawin.

**materyal na kultura** – kinabibilangan ng mga bagay na pisikal o nakikita tulad ng pagkain, kauotan, tirahan, alahas, gusali, at mga kasangkapan.

***medical mission*** – pangkat ng mga doktor, nars at iba pang *volunteer* na sama-samang naglunsad ng tulong medikal lalo sa mahihirap na mamamayan.

**minimithi** – pinapangarap na maabot at mapagtagumpayan.

**modernisasyon** – pagkamakabago.

***mouse deer*** – pilandok.

**mungkahi** – isang pag-aanyaya sa taong gusto mong magkaroon ng isang mabuti at tamang gawain.

## N

**nasasakdal** – inirereklamo.

**natatangi** – naiiba, nabubukod, o pambihira.

**naturalisadong mamamayan** – mga dayuhan na naging mamamayang Pilipino dahil sa proseso ng naturalisasyon.

**naturalisasyon** – ay isang legal na paraan kung saan ang isang dayuhan na nais maging mamamayan ng isang bansa ay sasailalim sa isang proseso sa korte o hukuman.

**negosyante** – nagbebenta ng iba-ibang produkto o serbisyo.

DEPED COPY


All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**P**

***Pacific Ring of Fire*** – lugar o bahagi ng Karagatang Pasipiko kung saan nakalatag ang mga aktibong bulkan; kilala rin sa tawag na *Circum-Pacific Belt*.

**pag-aangkat** – pagbili ng produkto mula sa ibang bansa.

**Philippine Atmospheric, Geophysical, Astronomical and Scientific Administration (PAGASA)** – ahensiya ng pamahalaan na nangangasiwa sa mga paparating na bagyo at iba pang kondisyon o kalagayan ng panahon.

**pagbaha at pagguho ng lupa** – epekto ng pagpuputol ng mga malalaking punongkahoy lalo sa kabundukan.

**pagkakaingin** – paglilinis o paghahawan ng bahagi ng gubat o bundok sa pamamagitan ng pagsunog.

**pagkakakilanlan** – isang proseso ng pagyari at pagbibigay-kahulugan na nagmumula sa kagustuhang mapaiba.

**pagkamamamayan** – pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa ayon sa itinatakda ng batas.

**pagpupuslit** – lihim na pagpapasok o paglabas ng mga produkto sa bansa.

**pagsulong** – pag-unlad.

**pamanang pook** – mga antigong estruktura at kagamitan.

**pananagutan** – dapat gawin ng isang sektor o tao para sa kaniyang sarili at para sa kaniyang bayan.

***pandaka pygmaea*** – tabios; isa sa pinakamaliit na isda sa buong mundo.

**pangkat etniko** – grupo ng mga tao na may iisa at sariling kultura na tatak ng kanilang pagkakakilanlan.

**payapa** – tahimik.

**Philippine eagle** – agila na kulay tsokolate at abo; matatagpuan sa Pilipinas.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**PHIVOLCS** – ahensya ng pamahalaan na namamahala sa mga pagkilos ng mga bulkan sa bansa.

**pigeon luzon heart** – kalapating may kulay pulang hugis puso sa may dibdib nito.

**polusyon** – pagdumi ng hangin, tubig, o kapaligiran dahil sa maling paggamit o pag-aabuso ng mga likas na yaman.

**populasyon** – tumutukoy sa bilang ng mga taong naninirahan sa isang tiyak na lugar.

**produkto** – bagay na ipinoprodyus o nalilikha ng kalikasan, industriya o sining (Agno).

**R**

***recycle*** – muling paggamit ng mga luma o patapong bagay upang mapakinabangan pa.

***reduce*** – pagbabawas ng mga basura sa paligid.

**rehabilitasyon** – pagbabagong-tatag, pagbabagong-buhay.

**responsibilidad** – tungkuling nakaatang sa isang tao o pangkat.

***reuse*** – muling paggamit o pagkumpuni sa mga patapong bagay na maaari pang pakinabangan.

**S**

**sagisag** – nagbibigay ng kahulugan sa mga natatanging mga pananda; simbolo.

**Saluag Island** – pinakadulong pulo sa gawing timog ng bansa.

**sanitasyon** – kalinisan, kalusugan.

**sariling produkto** – mga bagay o kalakal na gawa sa sariling bansa.

**seguridad** – proteksiyon.

**simbolo** – panandang nakikita sa pamamagitan ng paglalarawan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

***storm surge*** – hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng malakas na hanging dala ng bagyo.

**T**

**talampas** – patag na lupa sa ibabaw o itaas ng bundok.

**talon** – tubig na umaagos mula sa mataas na lugar.

***tarsier*** – mamag; matatagpuan sa Bohol.

**teknikal** – may kinalaman sa tama o tiyak na bahagi ng anumang sining o siyensiya.

**temperatura** – nararanasang init o lamig sa isang lugar.

**tradisyon** – kaugalian na naipapasa sa salit-saling lahi.

**tsanel** – anyong tubig na nagdurugtong sa dalawang malaking katawan ng tubig.

**tsunami** – di pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat sa normal nitong lebel bunga ng paglindol.

**tungkulin** – mga gawain o mga bagay na dapat isagawa ng isang tao o mamamayan.

**Y**

**Y'ami Island** – pinakadulong pulo sa gawing hilaga ng bansa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.